

4

Araling Panlipunan

Kagamitan ng Mag-aaral

Yunit IV

Ang aklat sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at/o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

Kagawaran ng Edukasyon
Republika ng Pilipinas

Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang
Kagamitan ng Mag-aaral
Unang Edisyon 2015
ISBN: _____

Paunawa hinggil sa karapatang-sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay sa isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghiling ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng tagapaglathala (*publisher*) at mga may-akda ang karapatang-arang iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, PhD
Direktor IV: Marilyn D. Dimaano, EdD
Direktor III: Marilette R. Almayda, Phd

Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral

Konsultant: Florisa B. Simeon
Tagasuri at Editor: Aurea Jean A. Abad
Mga Manunulat: Ma. Corazon V. Adriano, Marian A. Caampued,
Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, Noel P.
Miranda, Emily R. Quintos
Belen P. Dado, Ruth A. Gozun, Rodante S. Magsino,
Maria Lucia L. Manalo, Jose B. Nabaza, Evelyn P. Naval
Illustrator: Peter D. Peraren
Layout Artist/Designer: Florian F. Cauntay, Belinda A. Baluca
Punong Tagapangasiwa: Anna Lourdes Abad-Falcon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)

Office Address: 5th Floor, Mabini Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

Paunang Salita

Sa pag-iral ng programang K–12, maraming mahahalagang pagbabago sa nilalaman at pamantayan sa pagkatuto sa Baitang 4. Pangunahin dito ang masusing pag-aaral tungkol sa bansang Pilipinas, na siyang pangkalahatang pokus ng baitang na ito.

Ang aklat na ito ay nahahati sa apat na yunit. Bawat yunit ay binubuo sa di kukulangin sa sampung aralin. Kabilang sa unang yunit ang tungkol sa sariling bansa na kinapapalooban ng mga aralin hinggil sa kinalalagyan ng Pilipinas, mga uri ng hayop at halamang naririto, at maging ang populasyon ng Pilipinas.

Nasa ikalawang yunit naman ang mga aralin na tumatalakay sa lipunan, kultura at ekonomiya ng bansa. Kalakip sa mga aralin dito ang mga produkto at hanapbuhay sa bansa, pangangasiwa sa mga likas na yaman ng bansa, pagsulong at pagpapaunlad ng kultura ng bansa, at likas kayang pag-unlad.

Nasa ikatlong yunit ang kaparaanan ng pamamahala sa bansa na magbibigay-alam sa mag-aaral hinggil sa pamahalaan ng Pilipinas, mga namumuno rito, at mga programang ipinatutupad para sa ikagagaling ng mga mamamayan.

Sa huling yunit ay ang pagtalakay sa pag-unlad ng bansa na kinapapalooban ng mga karapatan at tungkulin ng bawat isa at mga gawaing pansibiko na bahagi ng pakikipagtulungan ng mamamayan sa pamahalaan at kapuwa mamamayan.

Maliban sa talakayan, ang bawat aralin ay may mga gawain na higit na magpapaunlad sa kaalaman ng mga mag-aaral at upang gawing kasiya-siya ang pagtalakay sa aralin. May mga pagsusulit din sa katapusan ng bawat aralin upang mapagtibay ang natutunan ng mga mag-aaral.

Inaasahang sa pamamagitan ng aklat na ito ay malinang sa mga mag-aaral ang pagmamahal at pagmamalasakit di lamang sa lipunang Pilipino kundi gayundin sa kapuwa mamamayan nito.

Mga May-akda

Pasasalamat

Lubos na pasasalamat ang ipinararating sa lahat ng nag-ambag ng kanilang panahon at talento upang masulat at mabuo ang aklat na ito sa Araling Panlipunan para sa ikaapat na baitang.

Gayundin ang pasasalamat sa mga nag-review at nag-edit sa nilalaman ng aklat at nag-ayos sa kabuuang materyal upang mabuo ang aklat.

Sa mga konsultant, editor, layout artist, illustrator, ang aming pagpupugay sa inyong taos-pusong paggawa.

6	Mga Gawain at Epekto ng Gawaing Pansibiko	368
7	Pagpapahalaga ng Mamamayan sa Pagtataguyod ng Pambansang Kaunlaran	373
8	Pagpapaunlad ng Sarili, Pagpapaunlad ng Bayan	378
9	Mga Katangian ng Produktibong Mamamayan	382
10	Pagpapahalaga sa mga Kontribusyon ng mga Pilipino sa Daigdig	390
11	Pakikilahok sa mga Programa at Proyekto na Nagtataguyod ng mga Karapatan	398
	<i>Talahuluganan</i>	406

Yunit IV

Ako sa Pag-unlad ng Aking Bansa



ARALIN 1

Ang Pagkamamamayang Pilipino



PANIMULA

Sa huling aralin, natutunan mo ang bahaging ginagampanan ng pamahalaan upang pangalagaan ang katiwasayan at itaguyod ang mga pangangailangan at karapatan ng mga mamamayan. Sa yunit na ito, pag-aaralan mo ang isa sa pinakamahalagang yaman ng ating bansa – IKAW, bilang isang mamamayang Pilipino.

Tingnan ang larawan sa ibaba. Sila ay naninirahan sa ating bansa ngunit sila bang lahat ay mamamayang Pilipino? Paano mo masasabi na ang isang tao ay mamamayang Pilipino? Ano ang mga batayan ng pagka-Pilipino? Ikaw, natitiyak mo bang ikaw ay mamamayang Pilipino?




Sa araling ito, inaasahang:

1. Matutukoy mo ang mga batayan ng pagkamamamayang Pilipino
2. Masasabi mo kung sino ang mga mamamayan ng bansa



ALAMIN MO

Tinatanong ka ng iyong kamag-aaral, ano ang iyong isasagot?



Ang pagkamamamayan ay nangangahulugan ng pagiging kasapi o miyembro ng isang bansa ayon sa itinatakda ng batas. Hindi lahat ng naninirahan sa isang bansa ay mamamayan nito dahil may mga dayuhang nakatira dito na maaaring hindi kasapi nito. Halimbawa, ang mga dayuhang naninirahan lamang dito sa ating bansa upang mag-aral, mamasyal, o makipagkalakal, ay hindi maituturing na Pilipino dahil sila ay mamamayan ng ibang bansa. Sino ang mamamayang Pilipino?

Ang Mamamayang Pilipino

Ayon sa Artikulo IV, Seksiyon 1 ng Saligang Batas ng 1987, maituturing na mamamayang Pilipino ang sumusunod:

1. Mamamayan ng Pilipinas nang pinagtibay ang Saligang Batas ng 1987 noong Pebrero 2, 1987
2. Ang ama o ina ay mamamayang Pilipino
3. Mga mamamayang isinilang bago sumapit ang Enero 17, 1973 sa mga inang Pilipino na pinili ang pagkamamamayang Pilipino pagsapit ng 21 taong gulang
4. Mga dayuhang nagpasiyang maging mamamayang Pilipino ayon sa batas ng naturalisasyon

Ayon din sa Seksiyon 4 ng Saligang Batas ng 1987, ang isang mamamayan ng Pilipinas na nakapag-asawa ng isang dayuhan ay mananatiling isang Pilipino maliban na lamang kung pinili niyang sundin ang pagkamamamayan ng kaniyang napangasawa.

Batay naman sa *Republic Act 9225* na nilagdaan ng Pangulong Gloria Macapagal Arroyo noong Setyembre 17, 2003, ang mga dating mamamayang Pilipino na naging mamamayan ng ibang bansa sa pamamagitan ng naturalisasyon ay maaaring muling maging mamamayang Pilipino. Siya ay magkakaroon ng dalawang pagkamamamayan (*dual citizenship*). Kailangan lamang na aplayan niya ito at patunayan sa pamamagitan ng kaniyang sertipiko ng kapanganakan mula sa National Statistics Office (NSO) na ang kaniyang mga magulang o isa man sa kanila ay mamamayang Pilipino saan man siya ipinanganak.

Uri ng Mamamayang Pilipino

May dalawang uri ng mamamayang Pilipino. Ito ay ang *likas* o *katutubo* at *naturalisado*.

Likas o Katutubong Mamamayan. Ang likas na mamamayan ay anak ng isang Pilipino. Maaaring isa lamang sa kaniyang mga magulang o pareho ang Pilipino.

Naturalisadong Mamamayan. Ang naturalisadong Pilipino ay mga dating dayuhan na naging mamamayang Pilipino dahil sa proseso ng naturalisasyon.

Ayon sa *Commonwealth Act No. 475*, ang isang dayuhan ay maaaring maging mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng naturalisasyon.

Ang naturalisasyon ay isang legal na paraan kung saan ang isang dayuhan na nais maging mamamayan ng isang bansa ay sasailalim sa isang proseso sa korte o hukuman. Kapag nabigyan na ng pagkamamamayang Pilipino ang isang dayuhan, kailangan niyang sumunod sa mga batas at kultura ng bansa. Matatamasa rin niya ang mga karapatan ng isang mamamayang Pilipino maliban sa mahalal sa matataas na posisyon sa pamahalaan ng bansa.

Ang pagbibigay ng pagkamamamayan ay isang pribilehiyong ipinagkakaloob ng ating bansa sa isang dayuhan kaya masusi itong pinag-aaralan ng korte bago igawad.

Mga Katangian ng Isang Dayuhan na nais Maging Naturalisadong Pilipino

- Siya ay dalawampu't isang taong gulang na.
- Siya ay naninirahan sa Pilipinas nang tuloy-tuloy sa loob ng sampung taon. Ito ay maaaring maging limang taon na lamang kung:
 - a. Ipinanganak siya sa Pilipinas;
 - b. Nakapag-asawa siya ng isang Pilipino;
 - c. Nakapagturo siya ng dalawang taon sa pribado o pampublikong paaralan; at
 - d. Mayroon siyang bagong industriya o nakagawa ng isang bagong imbensyon sa Pilipinas.
- Siya ay may mabuting pagkatao.
- Naniniwala siya sa Saligang Batas ng Pilipinas.
- May matatag siyang hanapbuhay at may ari-arian sa Pilipinas.
- Nakapagsasalita at nakasusulat siya ng wikang Pilipino.
- Tinatanggap niya ang kulturang Pilipino.
- Pinag-aaral niya ang mga anak sa mga paaralang nagtuturo ng kultura at kasaysayan ng Pilipinas.

Kapag nagawaran na ng pagkamamamayan ang isang dayuhan, kailangan na niyang itakwil ang kaniyang dating pagkamamamayan at manumpa ng katapatan sa ating bansa.

Mga Prinsipyo ng Pagkamamamayang Pilipino ayon sa Kapanganakan

May dalawang prinsipyo ng pagkamamamayang Pilipino ayon sa kapanganakan. Ito ang *Jus sanguinis* at *Jus soli*.

Jus sanguinis ang pagkamamamayan kung naaayon sa dugo o pagkamamamayan ng mga magulang o isa man sa kanila.

Sinusunod ng mga anak ang pagkamamamayan ng kanilang mga magulang saan mang bansa sila ipinanganak. Ito ang prinsipyong sinusunod ng Pilipinas.

Ang pagkamamamayang *Jus soli* naman ay naaayon sa lugar ng kaniyang kapanganakan anuman ang pagkamamamayan ng kaniyang mga magulang. Ang ibig sabihin, kung ang isang tao ay ipinanganak sa isang bansa na sumusunod sa prinsipyong ito, siya ay ituturing na mamamayan ng bansang iyon anuman ang pagkamamamayan ng kaniyang mga magulang.

Pagkawala ng Pagkamamamayang Pilipino

Ang pagkamamamayang Pilipino ay maaaring mawala, kusang-loob man ito o sapilitan. Ayon sa ating batas, maaaring mawala ang pagkamamamayan sa pamamagitan ng mga ito:

1. Naging naturalisadong mamamayan siya ng ibang bansa.
2. Naglingkod siya sa sandatahang lakas ng ibang bansa.
3. Sumumpa siya ng katapatan sa Saligang Batas ng ibang bansa pagsapit niya ng 21 taong gulang.
4. Nagpawalang-bisa siya ng naturalisadong pagkamamamayang Pilipino



5. Napatunayan siyang tumakas sa hukbong sandatahan ng ating bansa at kumampi sa kaaway sa panahon ng digmaan
6. Itinakwil niya ang kaniyang pagkamamamayan at nag-angkin ng pagkamamamayan ng ibang bansa (*expatriation*)

Muling Pagkakamit ng Pagkamamamayang Pilipino

Ang isang Pilipino na nagdesisyong maging naturalisadong mamamayan ng ibang bansa ay maaaring maging Pilipino muli sa pamamagitan ng sumusunod na mga paraan:

1. Muling naturalisasyon
2. Aksiyon ng Kongreso
3. Pagbabalik sa Pilipinas at muling pagsumpa ng katapatan sa Republika ng Pilipinas
4. Pagpapatawad sa hatol ng hukuman sa isang tumakas na miyembro ng Sandatahang Lakas

Mga Dayuhang Hindi Maaaring Maging Mamamayang Pilipino

Hindi lahat ng mga dayuhan na nais maging naturalisadong Pilipino ay maaaring bigyan ng pagkamamamayan. Narito ang mga dahilan:

1. Gumamit ng dahas upang magtagumpay ang kanilang kagustuhan
2. Sumasalungat o nagrerebelde sa nakatatag na pamahalaan
3. Nahatulan sa kasalanang may kaugnayan sa moralidad gaya ng pagsusugal at prostitusyon
4. Hindi naniniwala sa kaugalian, tradisyon, at simulain ng mga Pilipino
5. Pagiging mamamayan ng isang bansang hindi nagkakaloob ng karapatang maging naturalisadong mamamayan ng Pilipinas



GAWIN MO

Gawain A

Isulat sa notbuk ang ☺ kung ang pahayag ay tumutugon sa pagkamamamayang Pilipino ayon sa batas at ☹ kung hindi.

1. Isa man sa iyong mga magulang ay Pilipino, ikaw ay mamamayang Pilipino.
2. Ang mga dating dayuhan na dumaan sa proseso ng naturalisasyon ay mamamayang Pilipino.
3. Ikaw ay mamamayang Pilipino kung mamamayan ka ng Pilipinas bago Pebrero 2007.
4. Ang isang Pilipinong nakapag-asawa ng isang dayuhan ay hindi na maaaring maging mamamayang Pilipino.
5. Hindi na maaaring maging mamamayang Pilipino ang isang dating Pilipino na piniling maging naturalisadong mamamayan ng ibang bansa.

Gawain B

Sino sa kanila ang mamamayang Pilipino? Sabihin kung ang nakasalungguhit na pangalan ay mamamayang Pilipino o hindi batay sa sitwasyon. Ipaliwanag ang sagot.

1. Si Julius ay anak ng isang Igorot at isang Ilokano. Naninirahan sila sa Maynila.
2. Nagbabakasyon sa Pilipinas tuwing mahal na araw si Nyro na isang Australyano.
3. Si Smith na isang Amerikano ay nakapagpatayo ng isang malaking kompanya sa Pilipinas. Tatlong taon na siyang naninirahan sa Pilipinas.
4. Si Lenie ay ipinanganak sa Cebu. Ang kaniyang ama ay Pilipino at ang kaniyang ina ay Hapones.
5. Si Kapitan Ben ay isang sundalong Pilipino na naninirahan sa Mindanao. Nang sumiklab ang labanan ng Abu Sayaf at militar, siya ay tumakas kasama ang kaniyang pamilya.

Gawain C

Pagtugmain ang mga pahayag sa hanay **A** at hanay **B**. Isulat sa notbuk ang titik ng tamang sagot.

A

1. Pagkamamamayan ayon sa pagkamamamayan o dugo ng magulang
2. Proseso ng pagiging mamamayan ng isang dayuhan ayon sa batas
3. Pagkamamamayan batay sa lugar ng kapanganakan
4. May dalawang pagkamamamayan
5. Kasulatan kung saan nakasaad ang pagkamamamayang Pilipino

B

- A. *Dual citizenship*
- B. *Jus sanguinis*
- C. *Jus soli*
- D. Naturalisasyon
- E. Saligang Batas
- F. Pagkamamamayan

Gawain D

Isulat ang tamang sagot:

1. Sino-sino ang mamamayang Pilipino ayon sa Saligang Batas ng 1987?
2. Ano ang dalawang uri ng pagkamamamayan?
3. Ano-ano ang dalawang prinsipyo ng pagkamamamayan ayon sa kapanganakan?



TANDAAN MO

- Nakasaad sa Saligang Batas ng 1987 ng Pilipinas ang mga katangian ng isang mamamayang Pilipino.
- May dalawang uri ng pagkamamamayan: likas o katutubo at naturalisado.
- May dalawang prinsipyo ng likas na pagkamamamayan ayon sa kapanganakan: ang *Jus soli* at *Jus sanguinis*.
- Ang mga dayuhan ay maaaring maging mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng prosesong naturalisasyon.
- Ang pagkamamamayan ay maaaring mawala at makamit muli.



NATUTUHAN KO

Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

Bakit mamamayang Pilipino ang sumusunod? Ipaliwanag.

1. Ang ama ni Noel ay Pilipino at ang kaniyang ina ay Tsino.
2. Si Joy ay mamamayang Pilipino na noong Enero 1987.
3. Si Sarah ay naging naturalisadong mamamayan ng United States of America ngunit ninais niyang muling maging Pilipino dahil ang kaniyang ina ay Pilipino.
4. Sampung taon nang naninirahan si Avejane sa Pilipinas na isang Jamaican at siya ay humiling sa korte na maging mamamayang Pilipino.
5. Ang ama ni Sam ay Ilokano at ang kaniyang ina ay Kapampangan.

ARALIN 2

Mga Karapatan ng Mamamayang Pilipino



PANIMULA


Napag-aralan sa unang aralin ang mga batayan ng pagiging isang mamamayang Pilipino ayon sa Saligang Batas ng 1987. Kaakibat ng pagiging mamamayan, itinakda rin sa Saligang Batas ang mga karapatan na magbibigay ng proteksiyon upang makapamuhay nang tahimik at matiwasay. Bilang mamamayang Pilipino, mahalagang malaman ang ating mga karapatan na magsisilbing gabay sa pakikitungo natin sa kapuwa at pakikiisa sa lipunan.

Sa araling ito, inaasahang matatalakay mo ang mga karapatan ng mamamayang Pilipino.



ALAMIN MO

Tingnan ang mga larawan. Ano ang ipinakikita ng bawat isa? Ipaliwanag.



Ang mga nakalarawan ay ilang halimbawa ng mga karapatang tinatamasa ng bawat Pilipino. Ang karapatan ay anumang bagay o paglilingkod na tinatamasa ng isang tao nang naaayon sa batas. Sa isang demokratikong bansa tulad ng Pilipinas, lubos na pinahahalagahan ang mga karapatan ng mamamayan. Nasasaad ang mga ito sa Kalipunan ng mga Karapatan sa Artikulo III, Seksyon 1–22 ng Saligang Batas ng 1987.

Mga Karapatan ayon sa Konstitusyon

Ayon sa Konstitusyon, ang mga karapatan ng bawat mamamayan ay nauuri sa sibil, politikal, panlipunan, pangkabuhayan, at karapatan kapag nasasakdal. Ang mga ito ay maaaring baguhin, dagdagaan, o tanggalin sa pamamagitan ng susog sa Konstitusyon.

Ang karapatan ayon sa Konstitusyon ay mga karapatang nakapaloob sa Saligang Batas ng Pilipinas. Ito ay maaaring baguhin, dagdagan, o tanggalin sa pamamagitan ng susog sa Konstitusyon.

Ang mga karapatang ito ay maaaring pangkatin sa apat: politikal, sibil, panlipunan at pangka-buhayan, at nasasakdal.

Mga Karapatang Sibil

Ang mga karapatang sibil ay nauukol sa pagtatamasa ng mga mamamayan ng kapayapaan at kaligayahan sa buhay. Kasama rito ang sumusunod:

- Karapatang mabuhay
- Karapatang magsalita at ipahayag ang sarili



- Karapatang hindi mabilanggo dahil sa pagkakautang
- Karapatang magkaroon ng tirahan at ari-arian
- Karapatan laban sa sapilitang paglilingkod
- Karapatan sa pantay na proteksiyon sa batas
- Karapatan sa di-makatuwirang pagdakip at paghalughog
- Karapatan sa mabilis na paglilitis

Mga Karapatang Politikal

Ang karapatang politikal ay nauukol sa ugnayan ng mamamayan sa pamahalaan. Kasama rito ang sumusunod:

- Karapatang bumoto
- Karapatan sa pagkamamamayan
- Karapatang magpetisyon
- Kalayaang magsalita, maglimbag, at magtipon-tipon
- Karapatang bumuo ng samahang hindi labag sa batas
- Karapatang gumanap ng tungkuling pampubliko
- Karapatang alamin ang mahahalagang impormasyon ukol sa pamamalakad ng pamahalaan



Mga Karapatang Panlipunan

Ang mga karapatang ito ay nakatutulong sa pangangalaga ng kapakanang panlipunan ng mga mamamayan gaya ng sumusunod:

- Karapatang pumili ng relihiyon
- Karapatang maglakbay
- Karapatan sa lihim na korespondensiya at komunikasyon

Mga Karapatang Pangkabuhayan

Ang mga karapatang pangkabuhayan ay tumutulong sa pangangalaga sa kapakanan ng kabuhayan ng mga mamamayan tulad ng sumusunod:

- Karapatang pumili ng propesyon o hanapbuhay
- Karapatang maging ligtas sa maruming kapaligiran at pagawaan
- Karapatang makinabang sa mga likas na yaman
- Karapatang bayaran nang wasto sa pribadong ari-arian na ginamit ng pamahalaan
- Karapatan sa edukasyon
- Karapatan sa pagmamay-ari

Mga Karapatan kapag Nasasakdal

Sa katunayan, ang karapatan kapag nasasakdal ay isang karapatang sibil. Pinangangalagaan ng karapatang sibil na ito ang nasasakdal laban sa anumang kasalanan sa pamamagitan ng makatarungang paglilitis. Kasama sa mga karapatang ito ang sumusunod:

- Karapatang marinig sa hukuman
- Karapatang malaman ang kaso laban sa kaniya
- Karapatang pumili ng magaling na abogado
- Karapatan sa madalian at walang kinikilingang paglilitis
- Karapatang magkaroon ng testigo
- Karapatang tumanggap ng sapat na tulong
- Karapatang magbayad ng piyansa upang pansamantalang makalaya
- Karapatan laban sa malupit at di-makataong pagparusa
- Karapatang maituring na walang kasalanan o inosente hanggang hindi napapatunayan ng korte




- Karapatan laban sa dalawang ulit na kaparusahan sa iisang kasalanan
- Karapatang makaharap ang umaakusa at mga saksi

Mga Karapatan ng mga Bata

Ang Samahan ng Nagkakaisang mga Bansa (*United Nations*) ay bumuo ng Pandaigdigang Kasunduan ng mga Karapatan ng mga Bata (*Universal Declaration of Children's Rights*) upang tugunan ang pang-aabuso sa mga bata sa iba't ibang panig ng mundo. Narito ang mga karapatang nakapaloob sa Kasunduan:

- Karapatang mabuhay
- Karapatang maging malusog
- Karapatang magkaroon ng pangalan at nasyonalidad
- Karapatang magtamasa ng maayos na pamumuhay kahit may kapansanan
- Karapatang alagaan at mahalin ng magulang
- Karapatang ampunin kung ito ang higit na makabubuti
- Karapatan sa sapat na pagkain, damit, at tirahan
- Karapatan sa sapat na edukasyon
- Karapatang maprotektahan laban sa diskriminasyon
- Karapatan sa malayang pagpapahayag ng sarili
- Karapatan sa malayang pag-iisip, budhi, at relihiyon
- Karapatang magpahinga at maglaro



- Karapatan sa impormasyong kapaki-pakinabang
- Karapatan sa malayang pagsali sa samahan at mapayapang pagpupulong
- Karapatan na mabigyan ng proteksiyon laban sa pagdukot at pagbebenta ng mga bata
- Karapatan na mabigyan ng proteksiyon laban sa armadong labanan

- Karapatang mabigyan ng proteksiyon laban sa malupit na parusa
- Karapatang mabigyan ng proteksiyon sa mga bawal na gamot
- Karapatan na mapangalagaan laban sa sekswal na pagmamalabis
- Karapatang mapangalagaan sa pagsasamantalang paghahanapbuhay



GAWIN MO

Gawain A

Tukuyin kung anong uri ng karapatan ang inihahayag ng pangungusap. Isulat sa notbuk ang sumusunod:

- A – kung ito ay likas na karapatan,
 - B – karapatang sibil,
 - C – karapatang pulitikal,
 - D – karapatang panlipunan at pangkabuhayan, at
 - E – kung karapatan ng nasasakdal.
1. Binigyan si G. Juan ng pampublikong abogado para ipagtanggol siya sa kaniyang kaso.
 2. Tuwing halalan, hindi nalilimutan ni Shiela na bumoto sa kanilang lalawigan.
 3. Hindi pinigil ng kaniyang ama si Iska na sumapi sa relihiyon ng kaniyang napangasawa.
 4. Nasunod ang pangarap ni Yen na maging guro.
 5. Ibinigay ng pamilya Mendoza kay Amy ang pagmamahal na kailangan niya.

Gawain B

Lagyan ng tsek (✓) kung ang sinasabi ay sumusunod sa karapatan ng isang nasasakdal. Isulat ang sagot sa notbuk.

1. Si Rudy ay kinasuhan ng kaniyang kapitbahay na nagnakaw ng kanilang telebisyon kaya siya ay binansagan na magnanakaw ng buong subdibisyon kahit hindi pa ito napatutunayan.

2. Walang pambayad ng abogado si Alex kaya binigyan siya ng korte ng isang abogado mula sa Public Attorney's Office.
3. Si Jack ay pinaghahanap ng mga pulis dahil sa kasong pagnanakaw kaya nang matagpuan siya ng mga ito ay pinagbubugbog siya.
4. Si Dodo ay napagbintangang naglustay ng pera ng opisina. Naging mabilis ang paglilitis kaya siya ay agad napawalang-sala.
5. Hindi pinayagan si Dan na magpiyansa nang siya ay ikulong sa kasong pananakit.

Gawain C

Isulat sa notbuk ang karapatan ng mga bata na inilalarawan.

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

Gawain D

Isulat sa notbuk ang karapatang nalabag sa bawat sitwasyon.

1. Binuksan ni Tina ang liham na dumating para sa kaniyang kapatid dahil wala ito sa bahay.
2. Pinilit ng mga pulis na maghanap ng mga ebidensiya sa bahay nina Dencio kahit wala silang dalang *search warrant*.
3. Ipinakulong si Cheche ng kaniyang kaibigan dahil hindi ito nakabayad ng utang sa kaniya.

4. Pinigil ng guro na magsalita ang kaniyang mag-aaral nang magreklamo ito ukol sa mataas na singil ng papel sa kanilang paaralan.
5. Pilit na pinagpapalimos ng kanilang ina sa lansangan ang magkapatid na Renren at Ronron dahil may sakit ang kanilang ama.



TANDAAN MO

- Nakapaloob sa Saligang Batas ng 1987 ang mga karapatang dapat tamasahin ng bawat Pilipino upang makapamuhay nang malaya at may dignidad.
- Ang karapatan ng mamamayan ay nauuri sa tatlo: ang karapatang likas, ayon sa batas, at konstitusyonal.
- Ang konstitusyonal na karapatan ay napapangkat sa politikal, sibil, panlipunan at pangkabuhayan, at karapatan ng nasasakdal.
- Ang Samahan ng Nagkakaisang mga Bansa ay bumuo ng Kalipunan ng mga Karapatan ng mga Bata na batayan ng mga karapatan ng mga bata sa buong mundo.



NATUTUHAN KO

Bilugan ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Mahilig umawit ang magkakaibigang Nery, Judy, at Marissa kaya naisipan nilang magtatag ng isang samahan upang lalo pa nilang malinang ang kanilang talento. Anong karapatan ang tinutukoy rito?

Ang karapatang tinutukoy rito ay _____.

2. Namatay ang mga magulang ni Dario sa pagkakalunod dahil sa bagyong Yolanda. Kinupkop siya ng kanilang kapitbahay at tinuring na tunay na anak. Anong karapatan ang ipinakita rito?

Ang karapatang ipinakikita rito ay _____.

3. Nang magkaroon ng halalan sa kanilang barangay, binoto ni Solo ang kaniyang kaibigan bilang Kapitan kahit alam niyang hindi ito karapat-dapat sa tungkulin. Tama ba ang kaniyang ginawa? Bakit?
4. Nawalan ng hanapbuhay sina Marvin sa kanilang lalawigan kaya lumipat sila sa Maynila. Wala silang tirahan kaya nagtayo sila ng maliit na bahay sa tabi ng riles ng tren. Tama ba ang ginawa nina Marvin? Bakit?
5. Napag-aralan mo na isa sa mga karapatan ng bata ang magpahinga at maglibang. Ano ang pinakaangkop na pahayag?

Ano sa palagay mo ang pinakaangkop na pahayag? Bakit?

ARALIN 3

Mga Tungkulin ng Mamamayang Pilipino



PANIMULA

Napag-aralan sa nakaraang aralin ang mga karapatan ng mamamayang Pilipino na isinabatas para sa matiwasay na pamumuhay ng bawat isa. Sa kabilang dako, may mga tungkulin ding iniatang ang pamahalaan na dapat sundin. Ang mga tungkuling ito ay mahalaga para sa kaunlaran ng mga sarili at ng buong bansa.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Matatalakay mo ang mga tungkulin ng mamamayang Pilipino
2. Masusunod mo ang mga tungkuling iniatang ng pamahalaan



ALAMIN MO

Tingnan ang mga larawan. Ano ang kanilang ginagawa at bakit nila ito ginagawa?



Ang mga larawan ay nagpapakita ng tungkulin ng tao sa kaniyang sarili, sa kapuwa, at sa pamayanan.

May mga tungkulin ang bawat mamamayan na dapat gampanan kapalit ng karapatang itinadhana ng batas para sa kaniya. Tungkulin niyang tuparin ang mga itinatakdang batas upang ipakita ang kaniyang pagiging tunay at tapat na mamamayan ng bansa. Ilan sa mga tungkuling dapat gampanan ay ang pagmamahal sa bayan, pagtatanggol sa bansa, paggalang sa watawat, pagsunod sa batas at paggalang sa maykapangyarihan, pakikipagtulungan sa pamahalaan, at paggalang sa karapatan ng iba.


Pagmamahal sa Bayan

Gaya ng nakasaad sa “Panatang Makabayan,” nararapat lamang na mahalin ng bawat mamamayang Pilipino ang kaniyang bansa. Tungkulin ng bawat isa na maging tapat sa bayan at pangalagaan ang kapakanan nito. Maipamamalas ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagmamalaki at pagtangkilik sa kultura ng bansa; pagtangkilik sa mga produktong yari dito; at pag-alam sa kasaysayan ng bansa.

Pagtatanggol sa Bansa

Tungkulin ng bawat mamamayang Pilipino na ipagtanggol ang bansa. Ipinakita ito ng ating mga bayani sa kanilang panahon. Ibinuwis nila ang kanilang buhay upang matamo ang kalayaang tinatamasa natin ngayon. Sa panahon ng kapayapaan, maaari pa ring ipagtanggol ang bansa sa pamamagitan ng paglaban sa mga tao o pangkat na nais manggulo sa maayos at maunlad nating pamumuhay. Dapat din tayong maging handa sa anumang oras na kailanganin ng bayan ang ating serbisyo gaya ng pagpapatala sa hukbong sandatahan sa panahon ng digmaan. Tungkulin pa nating ipagtanggol ang bansa sa pamamagitan ng pagbabalita o paglalathala tungkol sa kagandahan at kagalingan ng ating bansa laban sa mga naninira dito.

Paggalang sa Watawat



Ang watawat ay simbolo ng bansa na nagsisilbing bantayog ng makasaysayang pakikipaglaban ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan. Nararapat lamang na igalang natin ito. Bilang paggalang sa watawat, tumayo nang tuwid at tumingin sa watawat habang inaawit ang “Lupang Hinirang.” Dapat ding tama ang pagkakatiklop nito. Mahalaga ring malaman ang kasaysayan ng watawat at kahulugan ng disenyo nito. Gayundin ang pagsunod sa mga alituntunin sa tamang paggamit nito.

Pagsunod sa Batas at Paggalang sa Maykapangyarihan

Ang batas ay ginawa upang maging maayos, matiwasay, mapayapa, at maunlad ang pamumuhay ng mga tao sa bansa. Bilang mamamayan, tungkulin nating sundin ito sa lahat ng oras. Dapat ding igalang ang mga taong nagpapatupad ng batas gaya ng mga namumuno sa pamahalaan at kapulisan. Tungkulin din nating ipaalam sa mga maykapangyarihan kung may lumalabag sa batas lalo na kung ito ay nagbabanta sa seguridad at kapayapaan ng pamayanan o ng buong bansa.

Pakikipagtulungan sa Pamahalaan

Tungkulin ng mamamayan na makipagtulungan sa mga programa at proyekto ng pamahalaan upang makamit ang pag-unlad. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pakikilahok sa iba’t ibang proyekto ng pamahalaan gaya ng pangangalaga sa mga likas na yaman, kampanya laban sa ipinagbabawal na gamot, pagtataguyod ng kalinisan, kampanya sa kalusugan, pagbabayad ng tamang buwis, at paglahok sa halalan.

Paggalang sa Karapatan ng Iba

Walang sinuman ang may nais na mahadlangan ang kanilang karapatan. Kung nais nating mamuhay nang mapayapa, hindi tayo dapat gumawa ng mga bagay na makasisira sa kapayapaan at kaligayahan ng ating kapuwa. Halimbawa, hindi ka makatulog kapag may maingay. Huwag ka ring mag-iingay kapag may natutulog. Kung ayaw mong manakawan, huwag kang magnanakaw. Ito rin ay tumutugon sa kasabihang: “Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin sa iyo.”



GAWIN MO

Gawain A

Sabihin kung ang pahayag ay tungkulin bilang isang mamamayang Pilipino o hindi.

1. Pagtatanggol sa bansa laban sa naninira dito
2. Pagsunod sa Saligang Batas ng Pilipinas
3. Pakikilahok sa mga programang naglalayong makatulong sa nakararami
4. Pagtataguyod sa mga proyekto ng pamahalaan
5. Pagsasawalang-bahala sa mga batas na ipinatutupad ng pamahalaan

Gawain B

Isulat sa notbuk ang letra ng tungkuling ipinapahayag ng sitwasyon.

- A. Pagmamahal sa bayan
 - B. Pagtatanggol sa bansa
 - C. Paggalang sa watawat
 - D. Pagsunod sa batas
 - E. Paggalang sa karapatan ng iba
 - F. Pakikipagtulungan sa pamahalaan
1. Masayang nakilahok si Marie sa paglilinis sa harap ng kanilang bahay dahil sa panawagan ng programa ng barangay na “Tapat Ko, Linis Ko.”

2. Pilit na kinukumbinsi ng kaniyang mga kaibigan si Jojo na mangupit sa tindahan ng kaniyang tiyuhin. Hindi siya pumayag kahit nagalit ang mga ito sa kaniya.
3. Tuwing Lunes, nagkakaroon ng pagtataas ng watawat sa paaralan nina Annali. Habang umaawit, iniawasan niyang sagutin ang kaniyang mga kamag-aaral na nais makipagkuwentuhan sa kaniya bagkus ay buong pagmamalaki siyang tumatayo nang matuwid at umaawit nang malakas.
4. Sa tuwing bibili ng sapatos si Luna, lagi niyang pinipili ang mga gawa sa Marikina kaysa sa mga yari sa Korea dahil ayon sa kanya, bukod sa magaganda at matitibay ang mga ito ay nakatutulong pa siya sa mga kapuwa kababayan.
5. Sumama si Lina sa kaniyang mga magulang sa Hongkong. Nakihalubilo siya sa mga batang naroon at narinig niyang sinasabi ng isa rito na nakakatakot pumunta sa Pilipinas. Nilapitan niya ang bata at sinabi niyang hindi totoo ito at may pagmamalaki niyang ipinahayag na magandang mamasyal sa Pilipinas.

Gawain C

Sagutin ang mga ito.

1. Nakita mong may kodigo ang iyong kaklase habang kayo ay may pagsusulit. Ano ang iyong gagawin?
 - A. Magsasawalang-kibo na lang ako.
 - B. Makikikopya rin ako para mataas ang makuha kong marka.
 - C. Sasabihan ko siya na hindi tamang magkaroon ng kodigo.
 - D. Magagalit ako sa kaniya kapag hindi niya ako pinakopya.

2. Nagdudulot ng mabahong amoy at usok ang pagawaan ng plastik sa inyong barangay. Kung isa ka sa mga opisyal ng barangay, ano ang maaari mong gawin?
 - A. Pagalitan ang may-ari ng pagawaan.
 - B. Ipaalam ito sa tanggapan ng punong lungsod.
 - C. Pulungin ang mga kabarangay at magrali sa tapat ng pagawaan.
 - D. Huwag na lang pansinin dahil hindi naman umaabot ang amoy sa bahay ninyo.
3. Si Juan ay dating pulis ngunit siya ay nagretiro na. Isang araw, nagkaroon ng kaguluhan sa kanilang barangay. Ano ang dapat gawin ni Juan?
 - A. Pagpapaluin ang mga nanggugulo.
 - B. Habulin ang lahat ng mga nanggulo sa lugar.
 - C. Huwag na itong pakialaman dahil hindi na siya pulis.
 - D. Awatin ang mga nanggugulo at tumawag ng ibang pulis.
4. May proyekto sa inyong barangay ukol sa pagre-*recycle* ng mga basura. Marami kayong iba't ibang basura sa inyong bahay. Ano ang iyong gagawin?
 - A. Hahayaan ko ang mga basura sa bahay.
 - B. Dadalhin ko ang mga basura sa barangay upang i-*recycle*.
 - C. Ipagbibili ko ang mga basura sa *junk shop* para may pera ako.
 - D. Hihintayin ko ang trak ng basura para kunin ang samang samang basura.
5. Nagmamadali ka patungong paaralan dahil mahuhuli ka na. Para makatawid sa kalsada, kailangan mo munang hintaying lumitaw ang taong-berde sa ilaw-trapiko. Ano ang iyong gagawin?
 - A. Sasabayan ko ang ibang taong tumatawid.
 - B. Tatawid na ako dahil wala namang nakakakitang pulis.
 - C. Hihintayin kong lumitaw ang taong-berde sa ilaw-trapiko.
 - D. Tatawid na ako kahit hindi berde ang ilaw-trapiko dahil mahuhuli na ako.



TANDAAN MO

- May mga tungkulin ang bawat mamamayan na dapat gampanan kapalit ng karapatang itinadhana ng batas para sa kaniya.
- Ang mga tungkuling ng mamamayan ay:
 - > Pagmamahal sa bayan
 - > Pagtatanggol sa bansa
 - > Paggalang sa watawat
 - > Paggalang sa batas at pagsunod sa maykapangyarihan
 - > Pakikipagtulungan sa pamahalaan
 - > Paggalang sa mga karapatan ng iba



NATUTUHAN KO

Lagyan ng (✓) kung sang-ayon ka sa sitwasyon at ekis (x) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Nagtitipid ng papel si Aida dahil alam niyang galing ang mga ito sa punongkahoy.
2. Kailangan ni Arman ng pera kaya pumayag siyang sabihin niya sa mga kakilala niyang Abu Sayyaf ang operasyon ng mga militar.
3. Hindi nagbabayad ng tamang halaga ng buwis si G. Gil dahil para sa kaniya ay marami namang gumagawa nito.
4. Pinag-aralang mabuti ni Joy ang mga katangian ng mga kandidato bago siya bumoto.
5. Nakikinig nang mabuti si Leonor sa kaniyang guro sa Araling Panlipunan dahil nais niyang malaman ang kasaysayan ng Pilipinas.
6. Ayaw makiisa ni Tonyo sa proyekto ng kanilang barangay dahil naging kalaban ng kaniyang kapatid ang kapitan sa nakaraang eleksyon.

7. Si Myrna ay limang taon nang nadestino sa Amerika at minsan sa isang taon lamang siya umuwi ng Pilipinas. Tuwing uwi siya ay pagkaing Pilipino at kulturang Pilipino pa rin ang nais niya.
8. Malapit ang bahay ni Anaya sa isang tindahan na pinag-iistambayan ng mga kalalakihan. Gabi-gabi ay may nangyayaring kaguluhan dito. Isang araw, nakita niya ang taong nambugbog sa isa sa mga tambay. Lihim niya itong sinumbong sa mga maykapangyarihan.
9. Pinapalitan ng mga magkaklaseng sina Moymoy at Juni ang titik ng *Lupang Hinirang* kapag inaawit ito tuwing Lunes ng umaga.
10. Si Ricardo ay manedyer ng isang kompanya sa Manila. Madalas siyang nakapagsasalita ng masakit sa kaniyang mga empleyado. Nang may naglakas-loob na magpahayag ng kaniyang damdamin ukol dito, pinagalitan niya ito.

ARALIN 4

Mga Tungkuling Kaakibat ng mga Karapatan ng Mamamayang Pilipino



PANIMULA

Natutuhan mo sa mga nakaraang aralin ang iyong mga karapatan bilang mamamayang Pilipino. Sa araling ito, matutunan mo na ang bawat karapatang iyon ay may katumbas na tungkuling dapat gampanan. Ano ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan na hindi dahil may karapatan ka ay maaari mo nang gawin ang nais mo kahit nakapipinsala na ito sa iyong kapuwa. Sa pagkakaroon mo ng karapatan, mahalagang malaman mo ang hangganan at tungkuling kasama nito.

Sa araling ito, inaasahang matatalakay mo ang mga tungkuling kaakibat ng bawat karapatang tinatamasa.



ALAMIN MO

Pag-aralan at suriin ang pag-uusap ng magkaibigang Tengteng at Dodi.

Sagutin:

Pareng Tengteng, maaari bang makautang, pambili lang ng pagkain ng mga anak ko.

Pasensya ka na, Pare. Pero, alam ko namang hindi mo ako ipakukulong sakaling hindi ako makabayad ng utang sa iyo, hindi ba?



Sige, Pare, pauutangin kita. Pero sana maging responsible ka sa pagbabayad. Maghanap ka na rin ng trabaho para hindi ka na mangutang.



1. Ano ang pagkakaunawa ni Dodi sa karapatang hindi maaaring makulong dahil sa pagkakautang?
2. Ano ang pagkakaunawa ni Tengteng sa karapatang ito?
3. Sino ang tama sa kanilang dalawa?

Hindi lahat ng nais gawin ng isang mamamayan ay maaari mong isagawa kahit sabihin pang karapatan niya ito. May responsibilidad o tungkulin pa ring dapat gawin para sa sarili at sa kapuwa. May kaakibat na tungkulin ang bawat karapatan. Bunga nito, hindi maaabuso ang karapatang tinatamasa at hindi malalabag ang karapatan ng ibang tao. Tungkulin ng bawat mamamayan na gampanan ang mga pananagutan upang mapabuti at maging matiwasay ang pamayanan at maging kaagapay ng bansa ang bawat isa tungo sa kaunlaran.

Mga Tungkuling Kaakibat ng Bawat Karapatan

May ilang tungkuling likas sa bawat karapatan na ginagarantiyahan ng Saligang Batas:

- Karapatang mabuhay at maging malaya
 - > Tungkulin mong magtrabaho para sa iyong sarili at sa iyong pamilya para hindi umasa sa ibang tao at sa pamahalaan.
- Karapatang bumoto
 - > Tungkulin mong iboto ang taong karapat-dapat sa tungkulin.
- Karapatang mamili ng relihiyon
 - > Tungkulin mong maging mabuting tagasunod ng iyong napiling relihiyon at igalang ang pananampalataya ng iba.
- Karapatang magkaroon ng ari-arian
 - > Tungkulin mong mapasaiyo ang mga ari-arian sa ligal na paraan at pangalagaan ang mga ito.
- Karapatang magsalita at maglimbag
 - > Tungkulin mong magsalita nang hindi nakasasakit at nakasisira sa pagkatao ng kapuwa.
 - > Tungkulin mong magsabi ng totoo.

- Karapatang bumuo o sumapi sa isang samahan
 - > Tungkulin mong maging mabuting kasapi ng samahan na iyong sinamahan at maging kapaki-pakinabang sa lipunan.
- Karapatang pumili ng propesyon o hanapbuhay
 - > Tungkulin mong gampanan nang buong husay ang iyong napiling hanapbuhay o propesyon.
- Karapatang makinabang sa mga likas na yaman
 - > Tungkulin mong gamitin nang matalino at wasto ang mga likas na yaman.



GAWIN MO

Gawain A

Kopyahin ang tsart. Isulat ang kaakibat na tungkulin ng mga bata.

Karapatan	Tungkulin
1. Karapatang mabuhay	
2. Karapatang maging malusog	
3. Karapatang magkaroon ng pangalan at nasyonalidad	
4. Karapatang alagaan at mahalín ng magulang	
5. Karapatang magpahinga at maglaro	

Gawain B

Isulat sa notbuk ang **T** kung ang isinasaad sa sitwasyon ay tama at **M** kung mali.

1. Karapatan ng bata ang maglaro kaya maaari siyang maglaro kahit anong oras niya gusto.
2. Karapatan ng bata ang mag-aral kaya kailangan niyang mag-aral nang mabuti.
3. Karapatan ng batang alagaan ng kaniyang mga magulang kaya dapat ding suklian sila ng pagmamahal.
4. Karapatan ng batang ipahayag ang kaniyang saloobin kaya maaaring sabihin ng mga anak ang lahat ng nais nilang sabihin sa anumang paraan.
5. Karapatan ng bata na maging malusog kaya maaari siyang kumain ng lahat ng nais niyang kainin.

Gawain C

Tukuyin at isulat sa notbuk ang **K** kung ang isinasaad ay karapatan ng isang mamamayang Pilipino, **T** kung tungkulin, at **KT** kung pareho itong karapatan at tungkulin.

1. Umuuwi si Mila sa kanilang lalawigan upang iboto ang kandidatong karapat-dapat sa posisyon.
2. Kahit mahirap ang kanilang buhay, pinagsisikapan ni Leonor na tapusin ang kaniyang pag-aaral.
3. Nagtayo si Myrna ng isang maliit na tindahan sa harap ng kanilang bahay.
4. Nagdadala si Luna ng mga basura tuwing Martes para sa *Eco Savers Program* ng kanilang paaralan.
5. Si Lola Ofelia ay nakakuha ng diskuwento sa pagbili ng gamot sa botika.

Gawain D

Hanapin sa hanay **B** ang kaakibat na tungkulin sa mga pahayag sa **A**. Isulat sa notbuk ang letra ng tamang sagot.

- | A | B |
|---|-----------------------------------|
| 1. Si Anaya ay tagapagbalita ng mga batas sa isang pahayagan. | A. Sundin ang mga batas sa lugar |
| 2. Naihalal si Joy na alkalde sa kanilang lungsod. | B. Magsabi ng katotohanan |
| 3. Si Cherry ay napagkalooban ng pabahay ng pamahalaan. | C. Maging mabuting kasapi |
| 4. Namasyal sa Hongkong sina Roxanne. | D. Gawin nang tapat ang tungkulin |
| 5. Nagtatag sina Aida ng isang samahan sa paaralan. | E. Sinupin nang maayos |
| | F. Gawin ang naising gawin |



TANDAAN MO

- Ang bawat karapatan ay may katumbas na tungkulin na dapat gampanan para sa ikabubuti ng sarili, upang maging mapayapa ang pamayanan, at upang maging kaagapay ng bansa sa pag-unlad.



NATUTUHAN KO

Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Masayang nagkukuwentuhan sina Mercy at Sam. Sa kabilang silid ay natutulog ang may-sakit nilang kapatid. Ano ang pinakamabuti nilang gawin?
 - A. Itigil na nila ang kanilang kuwentuhan.
 - B. Ituloy ang kasayahan dahil karapatan nilang maging masaya.
 - C. Hinaan ang kanilang mga boses upang hindi makaabala sa maysakit.
 - D. Ituloy ang kuwentuhan dahil karapatan nilang ihayag ang kanilang damdamin.
2. Madalas na walang pambili ng pagkain si G. Tonyo para sa kaniyang pamilya dahil wala siyang trabaho. Ano ang dapat niyang gawin?
 - A. Magpalimos sa daan.
 - B. Manghingi sa magulang.
 - C. Mangutang sa tindahan.
 - D. Maghanap ng pagkakakitaan.

3. Ibinili si Rhoa ng kaniyang tatay ng bagong *gadget*. Dahil sa kasabikan ay araw-araw niya itong nilalaro. Tama ba ang ginagawa ni Rhoa?
- A. Oo, dahil karapatan niyang maglaro.
 - B. Hindi, dahil baka masira agad ang laruan.
 - C. Oo, dahil ngayon lang siya nagkaroon ng *gadget*.
 - D. Hindi, dahil kailangan niya ring mag-aral at tumulong sa bahay.
4. Dahil hindi kayang pag-aralin ng kaniyang mga magulang si Ludy, sinagot ng kaniyang tita sa Maynila ang kaniyang matrikula. Hindi kasama rito ang iba pang gastusin gaya ng pamasaha at mga gamit sa pag-aaral. Ano kaya ang maaari niyang gawin?
- A. Huminto na lang sa pag-aaral.
 - B. Mag-aral sa umaga at mamalimos sa gabi.
 - C. Magtrabaho bilang *assistant* sa silid-aklatan.
 - D. Pilitin ang kaniyang tita na bigyan siya ng karagdagang pera.
5. Araw-araw, binibigyan si Anafe ng baong pera ng kaniyang nanay para pambili ng pagkain. Lagi siyang pinaaalalahanan nito na masustansiyang pagkain ang bilhin niya sa kantina. Ano ang dapat gawin ni Anafe?
- A. Ibili ng laruan ang pera dahil kakaunti lamang ang kaniyang laruan.
 - B. Bumili ng sopas at tinapay dahil tungkulin niyang sumunod sa kaniyang mga magulang.
 - C. Bumili ng *junk food* dahil masustansiyang pagkain naman ang lagi niyang kinakain sa bahay.
 - D. Ibayad ang pera sa *computer shop* dahil hindi siya papayagang maglaro nito pag-uwi ng bahay.

6. Kilala si Boyet sa kanilang barangay na isang batang palaaway. Nawalan siya ng mga magulang dahil sa bagyong Ondoy. Sa kabila ng kaniyang pagiging matigas ang ulo, inampon pa rin siya ng kaniyang kapitbahay. Ano ang dapat niyang gawin?
- A. Magpakabait at sumunod sa mga tagubilin ng nag-ampon sa kaniya.
 - B. Magpakita ng kabaitan sa nag-ampon sa kaniya ngunit hindi sa ibang tao.
 - C. Maglayas sa bahay ng nag-ampon dahil hindi niya magawa ang nais niyang gawin.
 - D. Ipagpatuloy ang pagiging palaaway dahil kailangan nilang tanggapin kung sino siya.
7. Ang pamilya ni Alan ay kilala at iginagalang sa kanilang lugar dahil ang kaniyang mga magulang ay nagtayo ng isang samahan na tumutulong sa mahihirap. Ano ang dapat niyang gawin?
- (1) Tumulong sa samahan na itinayo ng kaniyang mga magulang.
 - (2) Ingatan ang kanilang pangalan sa pamamagitan ng pagiging mabuting tao.
 - (3) Gawin ang mga naisin kahit makasira ito sa pangalan ng kaniyang pamilya.
 - (4) Pumunta sa ibang bansa upang hindi madungisan ang pangalan ng kaniyang pamilya.
- A. 1 at 2
 - B. 2 at 3
 - C. 1 at 4
 - D. 3 at 4
8. Si Mang Poleng ay naakusahan sa korte sa salang pamamaslang. Wala siyang pambayad sa abogado kaya binigyan siya ng abogadong magtatanggol sa kaniya. Ano ang dapat niyang gawin?
- A. Magpahanap ng isang sikat na abogado.
 - B. Sabihin sa abogado ang totoong nangyari.

- C. Gumawa ng ibang kuwento ukol sa pangyayari.
 - D. Tanggihan ang abogado dahil kaya niya namang ipagtanggol ang sarili.
9. Mangingisda si Mang Goryo. Ito ang ikinabubuhay ng kaniyang pamilya. Sa kagustuhan niyang kumita nang malaki, gumagamit siya ng dinamita. Tama ba ang ginagawa ni Mang Goryo?
- A. Oo, para madagdagan ang kaniyang kita.
 - B. Hindi, dahil baka siya tamaan ng dinamita.
 - C. Oo, dahil karapatan ng kaniyang pamilyang mabuhay.
 - D. Hindi, dahil ipinagbabawal ito at nakasisira sa kalikasan.
10. Pinaghinalaan ka ng iyong kapitbahay na nagnakaw ng kaniyang pera. Isang araw, may nagpuntang mga pulis sa inyong bahay para arestuhin ka. Ano ang dapat mong gawin?
- A. Makipaglaban sa mga pulis.
 - B. Sumama sa mga pulis nang walang reklamo.
 - C. Hanapan ng *warrant of arrest* ang mga pulis bago sumama.
 - D. Hanapan ng *search warrant* ang mga pulis bago sumama.

ARALIN 5

Kahulugan at Kahalagahan ng Gawaing Pansibiko



PANIMULA

Natutuhan mo sa nakaraang aralin na may kaakibat na mga tungkulin ang mga karapatang tinatamasa natin bilang bahagi ng lipunan. Kung gagawin natin ang ating mga tungkulin, tiyak na mas madali tayong mapapamahalaan ng ating mga pinuno. Kung gagampanan nating mabuti ang ating mga obligasyon, mas magiging payapa at matiwasay ang lipunang ating tinitirhan at kinabibilangan.

Binubuo ang isang lipunan ng bawat tao o indibidwal. Inaasahan siyang maging mabuting mamamayan—pumapaloob sa mga institusyon sa lipunan, sumusunod sa mga batas na ipinatutupad, at nag-aambag para sa higit na pag-unlad at pagsagana ng lipunan.

Ang maagap na pagtugon sa tungkulin at maayos na pagganap sa mga obligasyon ay ilan sa mga salik sa pagkakaroon ng kagalingang pansibiko. Ang kagalingang pansibiko ay isang sitwasyon kung saan taglay ng mga mamamayan ang kamalayang may pananagutan sila sa kanilang kapuwa.

Ilarawan mo na ang bawat isa ay nag-iisip sa kapakanan ng iba. Ilarawan mong may pakiramdam o sensitibo ang bawat Pilipino sa mga pangangailangan ng iba liban sa kaniyang sarili. Hindi ba't napakagandang tingnan ang lipunang may mataas na lebel ng kagalingang pansibiko?

Sa araling ito, inaasahang:

1. Maibibigay mo ang kahulugan ng kagalingang pansibiko
2. Matatalakay mo ang mga gawaing nagpapakita ng kagalingang pansibiko ng isang kabahagi ng bansa



ALAMIN MO

Ano ang ibig sabihin ng kagalingang pansibiko? Bakit ito naging mahalaga sa isang lipunan? Ano ang maaaring idulot nito sa ating bansa?

Kahulugan ng Kagalingang Pansibiko

Ang salitang *sibiko* ay mula sa salitang Latin na ang ibig sabihin ay *mamamayan*. Noong unang panahon sa lipunang Pranses, tinatawag na *civique* ang isang mamamayang nakapagbuwis ng buhay para sa kaniyang kapuwa. Naipagpalit ito sa salitang *civil* o ‘sibilyan’ na isang indibidwal na wala sa serbisyo ng pamahalaan o hindi nanunungkulan bilang sundalo subalit nakatutulong nang malaki sa kaniyang bayan.

Sa kasalukuyan, ginagamit ang salitang *sibiko* upang pormal na tukuyin ang mga mamamayang bumubuo ng lipunan. Kadalasan nang ikinakabit sa salitang ito ang mga katagang “kagalingan” o *welfare*. Tinutukoy ng *civic welfare* o kagalingang pansibiko ang pinakamataas na kabutihang makakamit at mararanasan ng mga mamamayan. Ang kabutihang ito ay natatamasa sapagkat nanggagaling sa kagyang pagtugon at pagmamalasakit ng kapuwa mamamayan.

Sa pagganap ng mga tungkulin sa lipunan, ang mga mamamayang may kamalayang pansibiko ay higit na nakatutuwang sa pamahalaan. Ang kamalayang pansibiko ay kaisipan na ang bawat isa ay may pananagutan sa kaniyang kapuwa. Ito ay pagkilala na ang indibidwal ay may kakayahang paunlarin ang lipunan sa anumang paraang kaya niyang tugunan at gampanan. Ang pagkukusang-loob, pagtulong nang walang inaasahang kapalit, at bayanihan ay mga susing katangiang dapat taglayin sa gawaing pansibiko.

Maaari ding tingnan ang gawaing pansibiko bilang malawakang pagsasama-sama ng mga tao upang tiyaking nasa pinakamahusay silang pamumuhay lalo na ang pinakamahirap. Karaniwang sinasakop ng kagalingang pansibiko ang

mga usapin hinggil sa edukasyon, kalikasan, kabuhayan, pampublikong serbisyo, at kalusugan. Mula sa maliliit na bagay tulad ng pagtulong sa isang matanda sa pagtawid sa kalye hanggang sa malalaking bagay tulad ng pagpapalano para sa pagtatayo ng kabuhayan sa isang komunidad ay maituturing na kagalingang panlipunan na nag-uugat sa gawaing pansibiko.

Kahalagahan ng Gawaing Pansibiko

Di matatawaran ang kahalagahan ng gawaing pansibiko sa isang bansa. Ito ay isang paraan ng pagtiyak na ang mga mamamayan sa isang lipunan ay tunay na malaya, nagsasarili, at kontento sa kanilang pamunuan. Malaya nilang naipapahayag ang sarili at nagagawa ang gusto nang di lumalabis sa itinakda ng batas. Nagsasarili sila at kayang sustentuhan ang sarili at pamilya. Kontento sila sa pamamalakad ng pamahalaan at sinusuportahan nila ito.

Ipinakikita ng gawaing pansibiko ang pinakamataas na lebel ng pakikipagkapuwa. Dahil dito, kakikitaan ang mga tao ng pagmamalasakit sa isa't isa. Nagkukusang-loob silang mapaglingkuran lalo na ang mahihirap at nakabababa. Kumi-kilos sila at tumutugon sa pangangailangan ng iba kahit hindi pagsabihan o walang kumpas ng pamahalaan. May sarili silang motibo at ito ay ang masidhing pagnanasang makapaglingkod sa kapuwa kahit walang posisyon at kabayaran.

Mahalaga ang kagalingang pansibiko dahil tinitiyak nitong ang bawat mamamayan ay nabubuhay nang matiwasay at payapa. Higit na mapadadali ang serbisyo publiko kung ang bawat isa ay handa sa paglilingkod at pagtulong. Mas malawak ang maaabot ng mga ahensiyang pampamahalaan kung magsasama-sama ang mga institusyong binubuo ng mga indibidwal na ang motibo ay mapahusay ang kalagayan ng lahat.



GAWIN MO

Gawain A

Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

1. Ipaliwanag ang pinagmulan at konsepto ng kagalingang pansibiko.
2. Ano-ano ang sakop ng kagalingang pansibiko?
3. Ano ang kaugnayan ng pakikipagkapuwa-tao sa gawaing pansibiko?
4. Bakit napadadali ang serbisyo publiko kapag natitiyak ang kagalingang pansibiko?
5. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng dalawang antas ng kagalingang pansibiko.

Gawain B

Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang pahayag ay may kinalaman sa kagalingang pansibiko. Gawin ito sa notbuk.

1. Pagboto sa mga opisyal ng pamahalaan
2. Pagtulong sa pamimigay ng *relief goods*
3. Pagtitinda upang kumita
4. Pagpapakain sa mga batang lansangan
5. Paglalaan ng oras sa bahay-ampunan
6. Pagtanim sa mga gilid ng kalsada
7. Panonood ng sine
8. Panlilibre sa barkada
9. Pagbebenta ng tiket para sa isang *benefit show*
10. Pagsusulat sa diyaryo hinggil sa usong damit

Gawain C

Isulat sa notbuk ang letra ng pinakaangkop na pagkilos sa sumusunod na mga sitwasyon.

1. May mga dumalo na nagkukuwentuhan sa loob ng isang bulwagan. Magsisimula na ang pambansang awit bilang panimula ng programa. Ano ang dapat mong gawin?
 - A. Huwag kumibo.
 - B. Sumali sa nagkukuwentuhan.

- C. Sawayin ang mga nagkukuwentuhan.
D. Sabihan ang mga nagkukuwentuhan na tumahimik muna at lumahok sa pag-awit.
2. Nakita mong tumatawid si Lola Tinay sa kalye Aurora. Ano ang gagawin mo?
A. Alalayan ang matanda.
B. Pabayaan siya at huwag pansinin.
C. Sabihan siya na mag-ingat sa pagtawid.
D. Maghanap ng pulis na magtatawid sa matanda.
3. Tila nakalimutan ni Lolo Mino ang daan pauwi. Paikot-ikot siya sa magkakapitbahayan. Ano ang gagawin mo?
A. Hanapin ang pamilya ni Lolo Mino upang maiwi siya.
B. Ipagbigay-alam ito sa mga barangay tanod.
C. Tanungin si Lolo Mino at tulungan siya.
D. Huwag pansinin ang matanda.
4. Katatapos lamang ng malakas na bagyo. Tulong-tulong ang mga tao sa inyong pamayanan upang maglinis. Ano ang gagawin mo?
A. Manood sa mga taong naglilinis.
B. Manatili sa kuwarto at magpahinga.
C. Sumali sa paglilinis at gawin ang makakaya.
D. Ibalita sa *media* ang naganap na pagtutulongan sa komunidad.
5. Magpapakain para sa mga batang lansangan ang organisasyong pangkababaihan sa inyong lugar. Ano ang maaari mong itulong?
A. Tumulong sa paghahanda at pagpapakain para sa mga bata.
B. Magboluntaryo sa susunod na pagpapakain.
C. Makikain kasama ang mga bata.
D. Umuwi na lamang.



TANDAAN MO

- Ang kagalingang pansibiko ay isang sitwasyon kung saan taglay ng mga mamamayan ang kamalayan na may pananagutan sila sa kanilang kapuwa.
- Ang gawaing pansibiko ay mga pagkilos at paglilingkod sa iba na kusang inihahandog ng indibiduwal.
- Sakop ng kagalingang pansibiko ang mga pangangailangan sa edukasyon, kalikasan, hanapbuhay, at iba pa na pinagtutulungan ng mga mamamayang matugunan nang may pagkukusa at walang inaasahang kapalit.
- Mahalaga ang pagkakaroon ng kagalingang pansibiko dahil tanda ito ng kakanyahan ng isang lipunang namumuhay nang matiwasay, may pagmamalasakit sa kapuwa, at nangunguna sa kaunlaran.
- Sa pamamagitan ng gawaing pansibiko, napaglilingkuran lalo na ang mga nangangailangan sa lipunan.



NATUTUHAN KO

Gawin ang sumusunod:

1. Magtipon ng mga ginupit na balita hinggil sa mga taong may kamalayang pansibiko. Humanda sa pagbabahagi nito sa klase.
2. Gumuhit ng dalawang kahon sa malinis na papel. Sa unang kahon, gumuhit ng larawan na nagpapakita ng isang aspekto ng kahalagahang pansibiko. Ilarawan sa ikalawang kahon ang kabaliktaran nito. Maghanda sa pagtalakay nito sa klase.

ARALIN 6

Mga Gawain at Epekto ng Gawaing Pansibiko



PANIMULA

Ano-anong gawaing pansibiko ang alam mo? Bilang kabahagi ng ating bansa, ano-ano ang maaari mong gawing partisipasyon upang isulong ang kagalingang pansibiko?

Sa nakaraang aralin, inilarawan ang kahulugan at kahalagahan ng kagalingang pansibiko. Ano-ano pa kaya ang mga gawaing pansibiko at ang kabutihang maidudulot sa ating bansa ng pagkakaroon ng kamalayan tungkol dito?

Sa araling ito, inaasahang:

1. Makapagbibigay ka ng mga halimbawa ng gawaing pansibiko; at
2. Maipapaliwanag mo ang kabutihang dulot ng gawaing pansibiko sa isang bansa.
3. Mahihinuha mo ang epekto ng kagalingang pansibiko sa pag-unlad ng bansa



ALAMIN MO

Ano-ano ang halimbawa ng gawaing pansibiko? Paano ito naisasagawa ng bawat isa?

May iba't ibang uri ng gawaing pansibiko. Maaari itong iayon sa kakayahan ng indibiduwal o grupo. Sa mga batang tulad mo, ang gawaing pansibiko ay makikita sa payak na paggawa ng kabutihan. Halimbawa ay ang magalang na pakikipag-usap sa matatanda, paggabay sa paglalakad sa mga may kapansanan, at pagtulong sa paglilinis ng kapaligiran. Ang pagtangkilik sa mga produkto ng iyong komunidad at ng ating bansa ay halimbawa rin ng gawaing pansibiko na maaari mo nang umpisahan ngayon pa lamang. Ang pagsunod sa mga batas ng iyong munisipyo at maging ng ating bansa ay isa pang paraan. Ang pagpapalabas o pagtulong sa mga pagtatanghal na pampubliko ay isa pang gawain. Maging ang pagtulong sa pamamahala sa trapiko ng mga batang iskawt ay isa ring gawaing pansibiko.

May mga gawaing pansibiko rin na maaaring gampanan bilang grupo o bilang kasapi ng isang organisasyon. Ilang halimbawa ay sa samahan ng mga kabataan para sa kapakanan ng mga hayop at kalikasan at samahan para sa kapakanan ng mga katutubong Pilipino.

Epekto ng Gawaing Pansibiko sa Bansa

Maaaring malawak ang sakop at pangmatagalan ang gawaing pansibiko na sinasalihan lalo na ng nakatatanda. Ilang halimbawa nito ay mga programa at proyektong may literasi at mga proyektong may kinalaman sa pampalakasan gaya ng pagbuo ng mga liga, pagtuturo ng isports, at pagbibigay ng pasilidad. Gayundin, maaaring pagtuunan ng pansin ang usapin sa pera at kabuhatan. Maaaring bumuo ng mga kooperatiba, sumali sa paggawa ng mga lokal na produkto, o magtinda ng mga ito.



Sa kabuuan, maaaring tingnan sa dalawang mukha ang naidudulot ng gawaing pansibiko. Una, ang pagbibigay ng kagyat na lunas. Dahil sa mga mamamayang nagkukusang-loob na tumugon sa panahon ng kagipitan, nagiging mabilis ang proseso ng pag-abot ng tulong sa mga nasalanta ng kalamidad, pagsagip ng buhay kapag may aksidente, at pagbibigay ng agarang lunas sa mga nakararanas ng gutom at sakit.

Pangalawa, ang pangmatagalang epekto ng mga gawain at proyektong tulad ng pagbibigay ng libreng pag-aaral sa mga kabataan, programang pangliterasi sa mga di nakapag-aral, at pangkabuhatan para sa mga grupong etniko ang ilang halimbawa nito. Nangyayari ito sa mahabang panahon kung saan ang resultang matatamasa ay panghabambuhay.

Sa pangalawang mukha na ito ng kagalingang pansibiko nabibigyang-solusyon ang mga suliraning panlipunan tulad ng kamangmangan at kahirapan.



GAWIN MO

Gawain A

Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa notbuk.

1. Ano-anong uri ng gawaing pansibiko ang maaaring gawin ng mga batang tulad ninyo?
2. Ano-anong gawaing pansibiko ang maaaring gawin o gampanan ng mga nakatatanda?
3. Magbigay ng iba pang halimbawa ng gawaing pansibiko na hindi nabanggit sa teksto.
4. Ano-ano ang epektong naidudulot ng gawaing pansibiko? Paano nakatutulong sa pag-unlad ng bansa ang mga ito?
5. Ipaliwanag ang pangmahabang-panahong dulot o epekto ng gawaing pansibiko. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pangmahabang-panahong epekto ng gawaing pansibiko sa ating bansa?

Gawain B

Isulat sa notbuk ang letra ng gawaing pansibikong inilalarawan sa bawat pahayag.

A – Kalikasan

C – Pampalakasan

B – Kalusugan

D – Edukasyon

1. Pagsasagawa ng palihan sa pagpipinta ng mga batang lansangan
2. Pagsasagawa ng libreng operasyon para sa mga may biyak na labi
3. Pagbubuo ng liga para sa palaro sa inyong barangay
4. Pagpunta sa komunidad ng mga Mangyan upang maranasan ang pang-araw-araw nilang pamumuhay at makatulong sa kanila
5. Pagsama sa pagtatanim ng maliliit na puno sa Sierra Madre

Gawain C

Sagutin kung panandalian o pangmatagalan ang gawain. Sabihin ang kahalagahang maidudulot sa bawat pahayag. Isulat ang sagot sa notbuk.

1. Nagbigay ng dugo si Aling Rowena sa *Red Cross*.
 Pangmatagalan Panandalian
2. Nagtuturo ang sampung taong gulang na si Anna sa *Barangay Day Care*.
 Pangmatagalan Panandalian
3. Nanguna sa paglalagay ng maliliit na watawat ng Pilipinas si Miguel para sa pagdiriwang ng pambansang araw ng kalayaan.
 Pangmatagalan Panandalian
4. Taon-taon, bumibisita sa bilangguan ang ilang piling mag-aaral sa paaralan nila Jun upang magbigay ng kasiyahan sa mga preso. Ikaapat na taon na siyang nagkukusang-loob na maghandog ng palabas para sa kanila.
 Pangmatagalan Panandalian
5. Hinihikayat ni Aling Edna ang mga kapitbahay na paghiwalayin ang mga basura sa kanilang komunidad. Ito ay bilang pagsuporta sa proyekto ng munisipyo hinggil sa pangangalaga sa kalikasan.
 Pangmatagalan Panandalian



TANDAAN MO

- May iba't ibang uri ng gawaing pansibiko. Maaari itong gampanan ng sinuman, bata man o matanda, batay sa kaniyang kakayahan.
- May dalawang mukha ng kabutihang naidudulot ang gawaing pansibiko. Isang mukha nito ang kagyat na pagtugon sa mga nangangailangan. Ang isa pa ay ang pangmahabang-panahong dulot nito sa tao at sa bansa.



NATUTUHAN KO

Gawin ang sumusunod:

1. Kumuha ng papel at idikit ang sariling larawan sa gitna nito. Sa paligid ng larawan, isulat ang mga gawaing pansibiko na kaya mong tugunan. Lagyan ito ng simbolo o marka bago ang pahayag.
2. Magpangkat-pangkat at maghanda ng iskit na nagpapakita ng isang uri ng gawaing pansibiko.

DEPED COPY

ARALIN 7

Pagpapahalaga ng Mamamayan sa Pagtataguyod ng Pambansang Kaunlaran



PANIMULA

Natunghayan mo ang kabuuang konsepto ng kagalingang pansibiko. Napag-alaman mo na napakahalaga nito sa mas nakararaming mamamayan sa lipunan. Pag-aaralan mo naman ngayon ang ambag nito sa kaunlaran ng ating bayan. Kaalinsabay ng kagalingang pansibiko, paano pa ba maitataguyod ng mamamayan ang kaunlaran ng bayan? Ano-ano ang bahaging ginagampanan ng mamamayan upang umunlad ang bansa?

Sa araling ito, inaasahang maipapaliwanag mo kung paano itinataguyod ng mga mamamayan ang kaunlaran ng bansa.



ALAMIN MO

Ano-ano ang katangian ng isang maunlad na bansa? Paano maitataguyod ng mga mamamayan ang kaunlaran ng bansa?

Ang kaunlaran ng bansa ay nakabatay sa kasaganaan ng mga mamamayang bumubuo nito. Itinuturing na maunlad ang isang bansa kung pantay-pantay ang pagturing sa mamamayan at maayos ang pagpapatakbo ng lipunan. Kung pantay ang turing sa lahat, walang aabuso sa karapatan at kapangyarihan. Wala ring mapag-iiwanan ng mga yaman at benepisyo na kadalasang sanhi ng krimen na malaking hadlang sa pagbabago at pag-unlad. Kaalinsabay nito, ang kaunlaran ng bansa ay maibabatay sa kakayahan nitong guminhawa ang pamumuhay mula sa kahirapan tungo sa kasarinlan ng bawat isa.

Isa pang katangian ng maunlad na bansa ay ang pagkakaroon ng angkop at sapat na serbisyong panlipunan. Liban sa edukasyon, pabahay, kalusugan, seguridad, komunikasyon,

at transportasyon, mahusay rin na makapagtalaga ang pamahalaan ng mga ahensiyang tutugon sa pangmabilisan at natatanging pangangailangan ng mga mamamayan sa isang takdang panahon. Maunlad ang bansa kung ang mga serbisyong ito ay naipatatupad at naipaaabot sa nakararaming bilang ng mamamayan.

Sa isang banda, itinataguyod ng mamamayan ang maunlad na lipunan sa pamamagitan ng iba-ibang gawain.

Paglinang ng sariling katalinuhan at kakanyahan. Katulad ng nabanggit na, binubuo ang lipunan ng mga indibiduwal. Makabubuting linangin ng bawat isa ang sariling galing at talento hindi lamang para sa sarili kundi para sa bayan.

Pagiging produktibo. Maging malikhain at maabilidad upang matustusan ang sariling pangangailangan at makatulong sa iba. Hindi kailangang umamot palagi ng awa, mamalimos, o umasa sa iba upang makamit ang kasaganahan. Kung ang bawat isa ay marunong humanap ng sariling pagkakakitaan, magiging madali ang pag-unlad ng bayan.

Pagmamahal sa bansa at kapuwa Pilipino. Ang pagtutulongan ay susi sa kaunlaran. Kung ang bawat Pilipino ay susuporta sa isa't isa at hindi maglalamangan, magiging masagana ang ating bayan. Isa sa pinakakongkretong halimbawa nito ang pagtangkilik sa mga produktong Pilipino. Liban sa malaki ang maitutulong nito sa pagbawas sa kahirapan, nakapagbi-bigay-kita at trabaho pa ito para sa ating mga kababayan.

Pagtulong sa pagtigil ng katiwalian at maling gawain sa pamahalaan. Pinamamahalaan at pinamumunuan ng mga kabilang sa pamahalaan ang kabang bayan, polisiya, at iba pang mga batayang serbisyo para sa bayan. Marapat lamang na tiyaking tapat at mahusay ang ating mga pinuno nang sa gayon ay magiging maayos ang takbo ng ating lipunan.

Pagsunod sa mga batas. Binuo ang mga batas upang pangalagaan ang ating kapakanan, buhay, at ari-arian. Kung hindi igagalang ang batas, magugulo ang kaayusan sa ating

bayan. Maging ang seguridad sa payapa at matiwasay na buhay ay maitataya. Marapat na sundin ito sa ikatatahimik, sagana, at maayos na paninirahan sa ating bayan.

Pangangalaga sa kapaligiran at pamanang lahi. Iniha-handog ng kalikasan ang lahat ng batayang pangangailangan upang mabuhay ang tao. Marapat lamang na pangalagaan ito sa pamamagitan ng pagtitipid, pagpigil sa polusyon, paghihiwalay ng basura, at pagre-*recycle*. Ang ating pamanang lahi ay ating pagkakakilanlan at tayo ay tagataguyod ng pambansang dangal at kasaysayan. Marapat na kilalanin at ingatan ito hanggang sa susunod na mga salinlahi.

Pag-iingat sa mga pampublikong gamit at lugar. Pangalagaan ang mga gusali at impraestruktura tulad ng mga kalsada at tulay, paliparan, at ospital na galing sa pagsisikap sa trabaho at pagpupunyagi sa kabuhayan ng mga Pilipino. Bilang mga paraan sa pag-unlad ng ekonomiya at kabuhayan, pag-ingatan ang mga ito at iwasan ang maling paggamit at kapabayaang.



GAWIN MO

Gawain A

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang mga katangian ng isang maunlad na bansa?
2. Ano-ano ang ginagampanan ng mamamayan bilang bahagi ng isang bansa?
3. Bakit mahalaga ang bahaging ginagampanan ng mamamayan sa pag-unlad ng bansa?
4. Paano maitataguyod ng mamamayan ang kaunlaran ng bansa?
5. Magbigay pa ng mga paraan ng pagtataguyod ng kaunlaran ng bansa.

Gawain B

Bilugan ang mga pangungusap na nagsasaad ng pagiging maunlad ng isang bansa. Isulat ang sagot sa notbuk.

1. May mga nakatapos sa pag-aaral na umaalis ng bansa upang manilbihan sa ibang bansa.
2. Marami ang bilang ng hindi nakababasa at nakasusulat.
3. Ang mga 15 taong gulang na kabataan pababa ay pinagtatrabaho.
4. Masaya ang nakararaming mamamayan na nanunungkulan sa pamahalaan.
5. Sapat at makatuwiran ang kinikita ng mga tao.
6. Laganap ang rebelyon at krimen sa mga lalawigan.
7. Maraming dayuhan ang dumadalaw at namumuhunan sa ating bansa.
8. Naaabuso ang mga likas na yaman.
9. Hindi nakikinig sa Pangulo ng bansa at hindi sinusunod ang mga batas.
10. Walang krimen na naitala sa loob ng isang buwan.

Gawain C

Umisip ng isang pahayag na nagpapakita ng pagtataguyod ng mamamayan sa kaunlaran ng bansa. Bumuo ng *fish organizer* kung saan nakasulat sa itaas na tinik kung paano ito maisasagawa. Sa ilalim naman, isulat kung ano ang mga dapat iwasan upang hindi maging hadlang sa kaunlaran ng bansa.





TANDAAN MO

- Ang maunlad na bansa ay nangangahulugan ng pagkamit ng kasaganaan ng mga mamamayang bumubuo ng bansa.
- Ang kaunlaran ay nakabatay rin sa panlipunang kagalingan tulad ng kalayaan ng mamamayang pumili at magpasiya para sa sarili, maabot ng mga batayang serbisyo, matamasa ang pagkakapantay-pantay, at maranasan ang katarungang panlipunan.
- Ang mga ginagampanan ng mga mamamayan bilang bahagi ng lipunan ay mahalagang kontribusyon sa pag-unlad ng isang bansa.
- Kinakailangang mapaunlad ng mamamayan ang kaniyang sarili upang maging kapaki-pakinabang na bahagi ng lipunan. Kailangang linangin ang sariling katalinuhan at kakayanan, maging produktibo, sumunod sa batas, bantayan ang katiwalian sa pamahalaan, pangalagaan ang kalikasan, at ingatan ang mga pampublikong gamit at lugar.



NATUTUHAN KO

1. Bumuo ng mga pangkat na may limang kasapi. Ipatalakay kung paanong naitataguyod ng mga mamamayan ang kaunlaran ng isang bayan. Palikhain sila ng larawan hinggil dito at palagyan ng islogan. Ilagay sa likod ang paliwanag ng islogan ng parehong poster at islogan.
2. Magsagawa ng *classroom walk* kung saan nakatanghal ang mga poster. Mag-anyaya ng mga panauhing pipili ng tatlong pinakamahusay na poster at islogan.

ARALIN 8

Pagpapaunlad ng Sarili Pagpapaunlad ng Bayan



PANIMULA

Sa nakaraang aralin, napag-aralan mo kung ano ang ibig sabihin ng kaunlaran o ng isang maunlad na bayan. Natutuhan mo rin ang kahalagahan ng ginagampanan ng mamamayan sa kaunlaran ng bayan. Sa araling ito, mauunawaan mo naman na mahalagang mapaunlad ang sarili nang sa gayon ay mapaunlad din ang bansa. Mahalagang mapaunlad ang sarili upang maging kontribusyon ito sa pagsulong at kaunlaran ng bansa kung saan ka kabilang at naninirahan.

Sa araling ito, inaasahang maipapaliwanag mo kung paano nakatutulong sa pag-unlad ng bansa ang pagpapaunlad ng sariling kakayahan at kasanayan.



ALAMIN MO

Paano mo mapauunlad ang sariling kakayahan at kasanayan? Paano makatutulong sa pagsulong at pag-unlad ng bayan ang sarili mong pagpapaunlad ng mga ito?

Pangangalaga sa Kalusugan

Dahil ang mga mamamayan ang bumubuo ng bansa at lipunan, nakasalalay sa kanila ang pagtataguyod at pagsulong ng bansa. Magiging matagumpay ang pag-iral ng isang bansa kung ang mga salik na nakaiimpluwensiya rito ay tunay na napapangasiwaan. Ang mga salik na nakaiimpluwensiya sa bansa ay ang mga likas na yaman, yamang tao, at mga yamang likha ng tao.

Ang mga likas na yaman ay binubuo ng katubigan, kalupaan, at kapaligiran. Ito ang pinanggagalingan ng mga bagay at produktong kailangan natin upang mabuhay. Yamang tao naman ang mga mamamayang bumubuo ng bansa. Tayo ang

nangangasiwa at gumagawa ng pag-unlad ng bansa dahil tayo ang may lakas, talino, at kakayahan para gawin ang mga ito.

Ang mga yamang gawa ng tao ay binubuo ng mga pampublikong ari-arian tulad ng makinarya, gusali, at maging mga paliparan at tulay na kailangan ng bansa upang mapadali ang pagpaparoo't parito ng mga produkto.

Kung gayon, pangunahing tungkulin ng mga mamamayan na pangalagaan ang sariling kalusugan. Kailangan ang mabuting kalusugan upang mabuhay, makapag-aral, at makapagtrabaho nang maayos. Ang malusog na pag-iisip at pangangatawan ay nakapagdudulot ng mabuting pamumuhay, pakikitungo sa kapuwa, at pamamahala na kailangan para sa pag-unlad. Kaya, linangin ang ating mga kakayahan at huwag huminto sa pag-aaral ng makabagong teknolohiya at maging produktibo. Ang pagiging produktibo ay pagiging maabilidad at malikhain sa pagtugon sa sariling pangangailangan at nakatutulong sa pamilya, kamag-anak, pamayanan, at bansa.

Tamang Saloobin sa Paggawa

Magkaroon din ng tamang saloobin sa paggawa. Gamitin ang kakayahan nang kusang loob at huwag ipagkait para sa kapakanan ng nakararami. Pagbutihin ang gawain. Matutong makitungo sa kasama sa paggawa at pumasok sa trabaho nang tama sa oras. Higit pa rito, ipahayag nang buong sigla ang papuri para sa kapuwa.

Maging Matalinong Mamimili

Ang bawat isa ay inaasahan ding maging matalinong mamimili. May paninindigan ang isang matalinong mamimili at hindi nagpapadala sa mga *advertisement*. Nagpaplano siya ng mga bibilhin nang sa gayon ay makapagtipid sa oras. Inuuna niya yaong mga kailangan bago ang luho. Siya rin ay mapanuri sa kalidad at kondisyon ng isang produkto at hindi basta-basta bumibili. Isinasagawa niya ang pagiging matipid—alam kung kailan ang panahong mababa ang presyo ng bilingin at pumipili ng pinakamura at may kalidad na produkto.

Matalinong mamimili rin ang mamamayang alam ang kaniyang mga karapatan. Alerto siya sa pagmamasid sa mga maling gawain lalo na sa pagsusukli at paggamit ng timbangan. Hindi siya nagsasamantala lalo na sa panahon ng kalamidad at krisis. Higit sa lahat, malaki ang maitutulong ng isang matalinong mamimili kung tinatangkilik niya ang mga produkto at serbisyong makapagpapaunlad sa ating bansa.



GAWIN MO

Gawain A

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano-ano ang salik na nakaiimpluwensiya sa pag-unlad ng isang bansa? Talakayin ito at magbigay ng halimbawa.
2. Ipaliwanag ito: “Ang pag-unlad ng mamamayan ay pag-unlad din ng bansa.” Paano ito naisasakatuparan?
3. Bakit mahalaga na pangalagaan ang sariling kalusugan? Paano ito nakatutulong sa pag-unlad ng isang bansa?
4. Ipaliwanag ang pagkakaroon ng tamang saloobin sa pag-gawa. Paano ito nakatutulong sa pag-unlad ng isang bansa?
5. Paano umuunlad ang isang bansa sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga mamamayang mabubuting mamimili?

Gawain B

Lagyan ng bituin ang mga pahayag na nakatutulong sa pag-unlad ng sarili o ng bansa. Isulat ang sagot sa notbuk.

1. Nagsasanay nang mabuti si Mikaela sa paglangoy upang makasali sa pambansang koponan.
2. Madalang mamasyal sa parke si Lara dahil tumutulong siya sa tindahan ng kaniyang tiyahin.
3. Mahilig magkumpuni ng mga sirang kagamitan si Mang Lito.
4. Bata pa lamang si Inso ay sakitin na.
5. Mahilig makipaghuntahan si Aling Selya. Pati paghahanda ng pananghalian ay nalilimutan niya.

6. Kahit kailan di nabisita ni Jing ang silid-aklatan sa kanilang paaralan.
7. Laging huli sa pulong si Cristina.
8. Mahilig sumabad si Liza sa usapan at hindi sinusuri ang binibitawan niyang mga salita.
9. Binibili agad ni Raymond kung ano ang maibigan niya.
10. Mahilig si Lucia sa *imported* na mga gamit.

Gawain C

Pumili ng kapareha. Gumawa ng komik istrip na nagpapakita ng paghihikayat sa mga batang katulad mo na paunlarin ang sarili.



TANDAAN MO

- Nakasalalay sa mga mamamayan ang pag-unlad ng bansa.
- Ang mga mamamayan ang namamahala sa parehong yamang likas at yamang likha ng tao na mahalaga sa pagsulong ng isang bansa.
- Dapat na mapangalagaan at mapaunlad ang sarili nang sa gayon ay makaambag sa kaunlaran ng bansa.



NATUTUHAN KO

Sumulat ng isang sanaysay na tumatalakay sa iyong panata sa sarili para sa kaunlaran ng bansa. Palamutian ito ng iyong mga simbolo at iba pang representasyon sa sarili.

ARALIN 9

Mga Katangian ng Produktibong Mamamayan



PANIMULA

Ang mamamayan ang pinakamahalagang yaman ng isang bansa. Sa kanila nakasalalay ang pag-unlad nito kaya napakahalaga na taglayin nila ang mga katangian ng pagiging produktibong mamamayan na siyang magpapalakas sa bansa.

Sa araling ito, inaasahang maibibigay mo ang kahulugan at katangian ng pagiging produktibong mamamayan.



ALAMIN MO

Pagmasdan ang mga larawan sa ibaba. Ginagawa mo rin ba ang mga nakalarawan?



<http://picture-bookiesshowcase.blogspot.com/>



<http://www.quote-trade-service.com.au/carpenterquote/>



<http://livinggreenmag.com/2014/05/14/lifestyle-choices/get-outside-feel0-better-and-stay-healthier-with-outdoor-activities/attachment/exercising/>



<http://www.slideshare.net/ely7788/ang-mamimili>



<https://www.flickr.com/photos/7935983@N05/3922303216/>



<http://www.glogster.com/ahayes10/reduce-reuse-recycle/g-6mcggoiv1bk145cr54dova0>

Kung ginagawa mo ang mga ipinakikita sa larawan, ikaw ay maituturing na produktibong mamamayan. Ang mga mamamayan na nakatutulong o kapaki-pakinabang sa kaniyang tahanan, pamayanan, at sa bansa ay tinatawag na produktibong mamamayan.

Ang mga sumusunod ay mga katangian ng produktibong mamamayan:

- **May tamang saloobin sa paggawa.** Ang wastong saloobin sa paggawa ay dapat itanim sa isipan habang bata pa. Hindi dapat ikahiya ang paggawa bagkus ito ay dapat ipagmalaki. Naipamamalas ito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahan, pagkamalikhain, kaayusan, katapatan, pagpasok sa tamang oras, at pakikiisa at pakikipagkapuwa-tao.
- **May pinag-aralan at kasanayan sa paggawa.** Nakasalalay sa mga katangiang ito ang pagtupad sa mga tungkuling iniaatang sa iyo nang buong husay at ganap. Upang ang isang tao ay makagawa nang mahusay, napakahalaga na siya ay nakapag-aral at nagkaroon ng ibayong pagsasanay at mga pagsubok sa kaniyang napiling gawain. Sa ganitong paraan, malaki ang kaniyang maitutulong sa pag-angat ng kaniyang napiling hanapbuhay at ng kaniyang tanggapang pinapasukan.
- **Pagiging malusog.** Upang maging kapaki-pakinabang, mahalagang magkakaroon ng magandang pananaw sa buhay at malusog na pangangatawan. Bunga nito, madali kang makapag-iisip ng mga ideya at makagagawa nang maayos at may kagalingan.

- **Matalinong mamimili.** Ang sumusunod ay katangian ng isang matalinong mamimili:
 - > Naghahanda ng talaan/listahan ng mga bibilhin upang makatipid sa oras at pagod.
 - > Gumagawa ng badyet para sa pagkain, kagamitan, at iba pang pangangailangan.
 - > Tinitiyak na husto sa timbang ang binili.
 - > Mapanuri sa kalidad ng mga bilihin.
 - > Tinitingnan ang *expiration date* ng kaniyang binibili.
 - > Hindi nagpapadala sa mga patalastas at pananalita ng tindera.
 - > Isinasaalang-alang ang sustansiya ng pagkain sa pinamimili.
- **Tinatangkilik ang sariling produkto.** Ang pagtangkilik sa sariling produkto ay malaking tulong upang umangat ang ating kapuwa Pilipino at buong bansa.
- **Ginagamit nang wasto ang mga kalakal at paglingkod.** Dapat ingatan at gamitin ng mga mamamayan sa wastong paraan ang lahat ng mga produkto at serbisyong kanilang tinatamasa upang ito ay tumagal at mapakinabangan nang maayos.
- **Nagtitipid sa enerhiya.** Ang mga sumusunod ay mga kaparaanan sa pagtitipid sa enerhiya at tubig.
 - > Tiyakin na laging nakapatay ang mga ilaw at de-koryenteng kagamitan kung hindi ginagamit.
 - > Gumamit ng *energy saving* na mga ilaw gaya ng *compact fluorescent lamps* (cfl) o LED (*light emitting diodes*).
 - > Gawing sabay-sabay at maramihan ang pagpaplantsa ng mga damit at iba pang kasuotan.
 - > Gumamit ng palanggana sa paghuhugas ng mga prutas, gulay, at mga gamit sa kusina.
 - > Gumamit ng regador sa pagdilig ng mga halaman sa halip na *hose*.
 - > Gumamit ng baso sa pagsisipilyo ng ngipin sa halip na direktang tulo ng tubig sa gripo.
 - > Huwag hayaang nakabukas ang gripo habang naghuhugas ng mga pinggan o iba pang gamit.

- **Muling ginagamit ang mga patapong bagay.** Ang *pagre-recycle* ay isang paraan upang magamit na muli ang mga bagay na patapon ngunit maaari pang mapakinabangan. Mag-*recycle* upang mabawasan ang pagdami ng mga basura. Gayundin, paghiwa-hiwalayin ang mga basura ayon sa nabubulok at di-nabubulok upang di masayang ang mga maaari pang magamit o mapakinabangan.



GAWIN MO

Gawain A

Lagyan ng tsek (✓) ang bilang na naglalarawan ng isang produktibong mamamayan at ekis (×) kung hindi. Gawin ito sa notbuk.

1. Nag-aaral nang mabuti.
2. Ginagawa o tumutulong sa gawaing iniatang sa kaniya.
3. Nakikiisa sa mga programa sa barangay gaya ng paglilinis ng harapan ng bahay.
4. Sinusuri kung may sira ang mga gripo.
5. Bumibili ng mga gamit na yari sa bansa gaya ng sapatos, kakanin, at mga palamuti.

Gawain B

Isulat sa notbuk kung anong katangian ng produktibong mamamayan ang tinutukoy sa bawat bilang.

1. Laging nasa takdang oras si Nelson sa pagpasok sa trabaho para matapos niya ang lahat ng gawain.
2. Si Well ay nag-eehersisyo araw-araw.
3. Nagpatala si Marie sa *Technical Education and Skills Development Authority* upang mapabuti pa ang kaniyang kaalaman sa pagguhit.
4. Laging nililinis ni Elzon ang mga nabili niyang mga *gadget* para hindi agad masira.
5. Tuwing umaalis ng bahay, tinitiyak ni Manuel na natanggal ang mga saksakan ng mga de-koryenteng kagamitan.

Gawain C

Kopyahin ang tsart sa notbuk. Lagyan ng tsek ang kolum kung kailan mo ginagawa ang mga katangiang nabanggit.

Mga Katangian ng Produktibong Mamamayan	Palagi	Minsan	Hindi
1. May tamang saloobin sa paggawa			
2. May kasanayan sa paggawa			
3. Pagiging malusog			
4. Pagiging matalinong mamimili			
5. Tinatangkilik ang mga produktong yari sa bansa			
6. Wastong paggamit ng mga kalakal at paglilingkod			
7. Wasto ang paggamit ng enerhiya			
8. Pagpapaunlad ng kasanayan sa paggawa			
9. Pagre- <i>recycle</i> ng mga bagay na patapon na			



TANDAAN MO

- Ang produktibong mamamayan ay nakatutulong at kapaki-pakinabang sa kaniyang tahanan, pamayanan, at bansa.
- Ang pagiging produktibong mamamayan ay paraan ng pagtulong at pakikiisa sa pag-unlad ng bansa.



NATUTUHAN KO

Basahin ang bawat sitwasyon at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Paano mo mapananatiling malusog ang iyong katawan upang makatulong sa pag-unlad ng bansa?
 - A. Gumamit ng ipinagbabawal na gamot.
 - B. Kumain ng masusustansiyang pagkain.
 - C. Mag-ehersisyo kung kailan nais gawin ito.
 - D. Manood ng telebisyon hanggang hatinggabi.
2. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng taong may tamang saloobin sa paggawa?
 - A. Palaging nagrereklamo sa gawain.
 - B. Madalas magpahinga kahit oras ng trabaho.
 - C. Ipinagpapaliban ang paggawa ng gawaing bahay.
 - D. Matipid sa paggamit ng mga materyales sa opisina o pabrika.
3. Sino sa mga sumusunod ang makatutulong sa pag-unlad?
 - A. Laging huli kung pumasok sa trabaho si Juan.
 - B. Palaging tinutuos ni Pepe ang bilang ng oras ng kaniyang ipinagtatrabaho.
 - C. Pinagbubuti ni Helen ang kaniyang trabaho sa opisina kahit walang nakakakita.
 - D. Kapag binibigyan ng manedyer si Ruben ng dagdag na gawain, hindi niya ito ginagawa agad.
4. Binigyan kayo ng proyekto ng inyong guro. Hindi mo naintindihan ang paliwanag kung paano ito gagawin. Ano ang dapat mong gawin?
 - A. Ipagagawa ang proyekto sa kapatid.
 - B. Hindi na lang gagawin ang proyekto.
 - C. Magagalit sa guro at isusumbong sa magulang.
 - D. Ipauulit sa guro ang paliwanag upang maintindihan ito.

5. Sino sa kanila ang may tamang saloobin sa paggawa?
 - A. Si Jose na madalas na hindi tinatapos ang gawain
 - B. Si Manuel na maagang pumapasok ngunit maaga ring umuwi
 - C. Si Pedro na gumagawa lamang kapag nariyan ang manedyer
 - D. Si Celia na pinag-aaralang mabuti ang gawain upang mapagbuti ito

6. Mamimili ka sa isang malaking pamilihan sa inyong lugar dahil may *sale*. Ano ang mga bibilhin mo?
 - A. Bibilhin lamang ang mga gamit na kailangan.
 - B. Bibili ng marami dahil minsan lamang itong mangyari.
 - C. Uutang sa kapitbahay upang makapamilya ng mas marami.
 - D. Maglalabas ng pera sa bangko upang makabili ng maraming murang gamit.

7. Sino sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagiging matalinong mamimili?
 - A. Si Nery na bumibili ng ano mang maibigan niya kahit di ito kailangan.
 - B. Si Cherry na binabasa muna ang mga *label* sa etiketa ng mga paninda.
 - C. Si Julius na bumibili ng gamit o bagay batay sa mga anunsiyo sa telebisyon.
 - D. Si John na pinipili ang mas marami o malaki kaysa kalidad ng mga paninda.

8. Ano ang mangyayari kung hindi tatangkilikin ng mga Pilipino ang mga produktong yari sa Pilipinas?
 - A. Madaling uunlad ang bansa.
 - B. Babagsak ang ekonomiya ng bansa.
 - C. Bibilhin ng mga dayuhan ang produktong Pilipino.
 - D. Hindi kikita ang industriyang Pilipino kaya't bababa ang kita ng bansa.

9. Bakit mahalaga ang muling paggamit ng mga bagay na patapon na?
- A. Mas mahusay ang mga bagay na *ni-recycle*.
 - B. Higit na matibay ang mga *ni-recycle* na kagamitan.
 - C. Nangangahulugan ito ng karagdagang kita at tipid sa pamilya.
 - D. Nakababawas ito sa basura at napapakinabangan muli ang ibang gamit.
10. Inutusan ka ng iyong kapatid na bumili ng pagkain sa tindahan na nasa kanto malapit sa inyo. Ano ang iyong gagawin?
- A. Iuutos uli ito sa isang kapatid.
 - B. Sundin ang iniutos ng kapatid.
 - C. Sumakay ng dyip dahil mainit maglakad.
 - D. Gamitin ang kotse dahil tinatamad maglakad.

ARALIN 10

Pagpapahalaga sa mga Kontribusyon ng mga Pilipino sa Daigdig



PANIMULA

Napag-aralan mo ang mga katangiang taglay ng isang produktibong mamamayan. Nalaman mo rin na ang pagiging produktibo ay nagdudulot ng pag-unlad di lamang sa sarili kundi maging sa bansa at lipunan.

Sa araling ito, muli nating balikan ang ilang Pilipinong naging produktibong mamamayan ng bansa dahil sa kanilang mga kontribusyon sa lipunan. Inaasahang mapahalagahan mo ang mga pangyayari at kontribusyon ng marami pang Pilipino na naging daan ng pag-unlad ng bansa.



ALAMIN MO

Maraming Pilipino ang naging tanyag at nagpatanyag sa ating bansa sa iba't ibang larangan tulad ng musika, sayaw, eskultura, sining, at panitikan. Maging ang mga Pilipinong manggagawa sa ibayong dagat ay malaki ang naitulong sa kabuhayan ng Pilipinas. Bilang mga Pilipino, maipagmamalaki nating marami sa ating mga kapuwa Pilipino ang may natatanging talento at kakayahan na nagbigay-puri sa atin sa buong mundo.

Sa Larangan ng Pagpipinta

Kilalang Pilipino	Deskripsiyon
Fernando Cueto Amorsolo	Siya ang pintor ng mga larawan at tanawing pambaryo ng Pilipinas. Siya ay mahusay at dalubhasa sa paggamit ng liwanag sa aspeto ng sining. Ang kaniyang mga gawa ay puno ng adhikain, makabayan, at puno ng kasaysayan. Dahil sa kaniyang kahusayan sa pagpipinta, siya ang tinaguriang “Pambansang Alagad ng Sining ng Pilipinas.”
Victorio Edades (1895–1995)	Ang kaniyang mga likha ay batay sa mga isyung pambansang pagkakakilanlan tulad ng <i>The Sketch</i> , isang koleksiyon sa National Museum at <i>The Builders</i> na nasa koleksiyon ng mga pinta ng Cultural Center of the Philippines. Ginawaran si Edades ng Orden ng Pambansang Alagad ng Sining para sa Sining Biswal noong 1976.
Carlos “Botong” Francisco (1912–1969)	Kilala siya sa pinta niyang mga miyural o mga pintang larawan sa mga bato. Ang mga halimbawa nito ay matatagpuan sa Manila City Hall, Manila Hotel, at Our Lady of EDSA Shrine sa Lungsod ng Pasig. Naging Pambansang Alagad ng Sining para sa Sining Biswal si Francisco noong 1976.
Juan Luna (1857–1899)	Isang pintor, eskultor, at aktibista noong panahon ng rebolusyon noong ika-19 na siglo, naging tanyag siya dahil sa obra niyang <i>Spoliarium</i> noong 1884 kasama ang kapuwa pintor na si Felix Hidalgo.

Sa Larangan ng Musika

Kilalang Pilipino	Deskripsiyon
Jose Palma	Ang naglapat ng titik ng pambansang awit
Julian Felipe	Ang sumulat ng <i>Marcha Nacional Filipina</i> , ang musika ng pambansang awit ng Pilipinas
Antonio Molina	Tinaguriang “Pambandang Musikero ng Pilipinas” at lumikha ng “Hatinggabi” para sa Biyolin at ang “Malikmata” para sa piyano
Jovita Fuentes	Kilalang mang-aawit ng opera at nagtamo ng pangalawang karangalan sa Pambansang Alagad ng Sining para sa Musika
Pilita Corales	Tinaguriang “Asia’s Queen of Songs”

Sa Larangan ng Sayaw

Kilalang Pilipino	Deskripsiyon
Francisca Reyes Aquino (1899–1984)	Nagsaliksik at nag-aral siya tungkol sa iba’t ibang sayaw ng mga Pilipino sa buong kapuluan. Ipinagkaloob sa kaniya ang National Artist Award dahil sa malaking ambag niya sa larangan ng sayaw at maging mga larong Pilipino.
Liza Macuja- Elizalde	Ang <i>prima ballerina</i> ng ating bansa ay nakilala dahil sa kahusayan niya sa pagsayaw ng <i>ballet</i> . Nakapagtanghal na siya sa iba’t ibang panig ng mundo.

Sa Larangan ng Paglililok

Kilalang Pilipino	Deskripsiyon
Guillermo Tolentino (1890–1976)	Siya ang gumawa ng monumento ni Andres Bonifacio sa Caloocan at sa Liwasang Bonifacio sa Maynila. Tanyag din sa kaniyang mga likha ang “ <i>Oblation</i> ” sa Unibersidad ng Pilipinas at ang selyo ng Republika ng Pilipinas.

Sa Larangan ng Panitikan

Kilalang Pilipino	Deskripsiyon
Francisco Balagtas	Sumulat ng <i>Florante at Laura at Ibong Adarna</i>
Severino Reyes	“Ama ng Dulang Tagalog”
Aurelio Tolentino	Sumulat ng dulang “Kahapon, Ngayon, at Bukas.” Sila nina Lope K. Santos, Iñigo Ed. Regalado ay mahuhusay na nobelista.
Amado V. Hernandez	Isang mahusay na makata, mandudula, at nobelista.
Carlos P. Romulo	Unang Asyano na naging Pangulo ng <i>United Nations Security Council</i>

Sa Larangan ng Tanghalan at Panitikan

Kilalang Pilipino	Deskripsiyon
Lamberto Avellana	Mahusay na direktor ng palabas-tanghalan
Lea Salonga	Naging tanyag sa buong mundo dahil sa mahusay niyang pagganap sa Miss Saigon. Binigyan ng karangalan bilang pinakamahusay na artistang babae noong 1990 sa <i>Laurence Olivier Awards</i> at sa <i>Tony Awards</i> sa <i>Broadway, New York</i> .

Sa Larangan ng Pagandahan at Palakasan

Kilalang Pilipino	Deskripsiyon
Gloria Diaz	Nagwagi bilang <i>Miss Universe</i> noong 1969
Margie Moran	Nagwagi bilang <i>Miss Universe</i> noong 1973
Megan Young	Nagwagi bilang <i>Miss World</i> noong 2013
Lydia de Vega Mercado at Elma Muros-Posadas	<i>Mga kampeon sa Track and Field</i>
Eugene Torre	<i>Mga kampeon sa Chess</i>
Paeng Nepomuceno at Bong Coo	<i>Mga kampeon sa Bowling</i>

Kilalang Pilipino	Deskripsiyon
Efren “Bata” Reyes at Francisco “Dyango” Bustamante	<i>Mga kampeon sa Bilyar</i>
Eric Buhain at Akiko Thompson	<i>Mga kampeon sa Paglangoy</i>
Manny Pacquiao at Nonito Donaire	<i>Mga kampeon sa Boksing. .</i>

Sa Larangan ng Agham at Teknolohiya

Kilalang Pilipino	Deskripsiyon
Leonardo Sarao	Nilikha niya ang dyip na pampasahero.
Benjamin Almeda Sr.	Nilikha niya ang de-kuryenteng kudkuran ng niyog at <i>bread toaster</i> .
Gregorio Zara	Nakaimbento ng <i>TV–telephone</i> na maaring magkakitaan at mag-usap ang nagtatawagan.
Rodolfo Viescas	Nakaimbento ng <i>multicooler fan</i> .

Sa Larangan ng Paggawa

Kilalang Pilipino	Deskripsiyon
Overseas Filipino Workers (OFWs)	May mga Pilipinong pinili ang maghanapbuhay sa ibang bansa. Ang tawag sa kanila ay <i>Oversas Filipino Workers (OFWs)</i> . Naging kilala sila sa iba’t ibang panig ng mundo dahil sa kanilang husay, kasanayan, at kasipagan sa kani-kanilang mga larangan at propesyon. Dahil dito, maraming kompanya ang nagnanais na magkaroon ng mga Pilipinong manggagawang doktor, nars, inhinyero, karpintero, at guro. Marami ring Pilipino ang nakapagtayo ng mga negosyo at nagkaroon ng matataas na puwesto sa malalaking kompanya at tanggapan sa ibang bansa.



GAWIN MO

Gawain A

Isulat ang sagot sa notbuk kung saang larangan nabibilang ang sumusunod na mga kilalang Pilipino.

1. Francisco Balagtas, Severino Reyes, Amado V. Hernandez
2. Gloria Diaz, Melanie Marquez, Megan Young
3. Carlos “Botong” Francisco, Victorio Edades, Fernando Amorsolo
4. Rodolfo Viescas, Leonardo Sarao, Benjamin Almeda Sr.
5. Manny Pacquiao, Michael Martinez, Eugene Torre

Gawain B

Kilalanin ang mga Pilipinong naging tanyag sa buong mundo dahil sa kanilang kahusayan. Isulat ang sagot sa notbuk.

1. Si _____ ang naglilok ng “*Oblation*” sa Unibersidad ng Pilipinas.
2. Ang tinampok na *Miss World* 2013 ay si _____.
3. Ang lumikha ng tanyag na *Spoliarium* ay si _____.
4. Si _____ ang unang Pilipino na naging Pangulo ng *United Nations Security Council*.
5. Ang mga _____ ay may angking kasanayan at kakayahan sa iba’t ibang larangan na katuwang sa pagpapaunlad ng kabuhayan sa bansa.



TANDAAN MO

- Maraming Pilipino ang nagbigay ng mahahalagang kontribusyon sa iba’t ibang panig ng daigdig.
- Bilang Pilipino, ipagmalaki natin ang mga kababayan na nagbigay-dangal at karangalan sa iba’t ibang panig ng mundo sa iba’t ibang larangan.
- Malaki ang naging kontribusyon ng mga manggagawang Pilipino na iangat ang karangalan ng bansa sa pamamagitan ng pagpapakita ng husay at tamang gawi sa paggawa.



NATUTUHAN KO

Basahin ang bawat pahayag. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Paano ipinakikita ng pamahalaan ang patuloy na suporta sa mga Pilipino sa ibayong dagat?
 - A. Paggagawad ng mga parangal at pagkilala sa mga OFW.
 - B. Pagkakaloob ng mga benepisyong sa mga OFW at sa kanilang pamilya.
 - C. Patuloy na pagpapadala ng mga Pilipino sa iba't ibang panig ng mundo at pakikipag-ugnayan sa mga kaalyadong bansa.
 - D. Patuloy na pakikipag-ugnayan ng pamahalaan sa bansang maraming Pilipinong manggagawa para sa kanilang seguridad.

2. Alin sa sumusunod ang binigyang-diin ni Fernando Amorsolo sa kanyang mga pinta?
 - A. Pagkanasyonalismo
 - B. Makabagong Panahon
 - C. Pagmamahal sa kapuwa
 - D. Katutubong pambaryong tanawin

3. Ano ang pinatutunayan ng mga Pilipina sa pandaigdigang timpalak kagandahan?
 - A. Kayang maging tanyag ng Pilipino sa anumang larangan.
 - B. Sa larangan lamang ng kagandahan nakikilala ang mga Pilipina.
 - C. May kapangyarihan ang mga kababaihan sa anumang larangan.
 - D. Matalino, maayos, at may pagpapahalaga ang mga Pilipina sa bansa, sa kapuwa, at sa kaniyang sarili.

4. Maraming Pilipinong manlalaro ang nakilala at tumanyag sa buong mundo dahil sa kanilang angking kakayahan at lakas. Kung ikaw ay isang manlalaro, paano mo paghahandaan ang sasalihan mong laro?
 - A. Pauunlarin at lalo akong magsasanay upang makamit ang tagumpay.
 - B. Iisipin ko na lamang na mananalo ako sa larong sasalihan.
 - C. Hihingi ako ng payo sa idolo kong manlalaro.
 - D. Hindi na lamang ako sasali sa laro.

5. Paano mo ipakikita ang angking kakayahan tulad ng mga natatanging Pilipino?
 - A. Sasali ako sa mga timpalak na angkop sa aking kakayahan.
 - B. Lalo akong magsisikap na paunlarin ang aking talento o kakayahan.
 - C. Susundin ko ang nais ng aking mga magulang na sumali sa anumang larangan.
 - D. Ipagwawalang-bahala ko na lamang ang aking talento dahil mahirap at magastos ang lahat.

ARALIN 11

Pakikilahok sa mga Programa at Proyekto na Nagtataguyod ng mga Karapatan



PANIMULA

Maraming programa at proyekto ang pamahalaan na nagtataguyod ng mga karapatan. Bilang mamamayang Pilipino, tungkulin nating makilahok sa mga programang ito upang magtagumpay ang mga mithiin nito at makatulong sa pag-unlad ng bawat isa at ng bansa.

Ano ang ibig sabihin ng pakikilahok? Ito ay isang aksiyon o gawain ng tao o samahan na sama-samang gumagawa upang lutasin ang isang suliranin o makamit ang isang layunin.

Nasubok mo na bang sumali o makiisa sa mga proyekto ng iyong paaralan o ng iyong pamayanan? Ano ang pakiramdam? Ano ang naging bunga ng pakikilahok mo rito?

Sa araling ito, inaasahang maipakikita mo ang mga paraan ng pakikilahok sa mga programa at proyekto ng pamahalaan na nagtataguyod ng mga karapatan.



ALAMIN MO

Pagmasdan ang mga larawan. Tukuyin kung anong karapatan ng mamamayan ang dapat tugunan dito at paano ka makikilahok.





<http://simpolnibai.blogspot.com/2009/09/please-do-help-ondoy-victimsd.html>






<http://www.lausanneworldpulse.com/urban.php/994/08-2008?pg=all>

Tungkulin ng pamahalaan na pangalagaan ang mga karapatan ng mamamayan kaya maraming programa at proyektong binuo upang matugunan ang mga ito. Upang maging matagumpay ang mga programang ito, kailangan ang aktibong pakikilahok at pakikiisa ng mga mamamayan.

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng programa o proyekto ng pamahalaan na nagtataguyod ng mga karapatan at kung paano ka makikilahok dito.

<p align="center">Programa/Proyekto ng Pamahalaan</p>	<p align="center">Paano Makilahok</p>
<p><i>National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) –</i> tanggapan na nangangasiwa sa pagtitiyak ng proteksiyon at kapakanan ng mamamayan sa panahon ng sakuna at krisis</p>  <p>http://romeocatap.deviantart.com/art/The-KIT-Checklist-Survival-Relief-Good-Guide-319586472</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Dumalo sa mga seminar ukol sa tamang paraan ng pagiging ligtas sa oras ng sakuna. • Maging handa bago dumating ang mga sakuna gaya ng pagbaha, pagguho ng lupa, at lindol. • Sumunod sa utos o tagubilin ng lokal na pamahalaan.
<p><i>National Greening Program –</i> nag-utos sa lahat ng mamamayan ng Pilipinas na magtanim ng tig-10 punla ng puno. Layunin nito na matamo ng Pilipinas ang 1.6 bilyong bagong puno sa pagsapit ng 2016.</p> 	<ul style="list-style-type: none"> • Makilahok sa mga kaakibat na programa nito sa paaralan gaya ng: <ul style="list-style-type: none"> > Paggawa ng narseri o punlaan > Pagtanim ng mga puno > Pagtanim sa bakuran

<p><i>Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps)</i> – programa para sa mahihirap upang maibsan ang kagutuman at kahirapan sa pamamagitan ng tulong pinansyal. Nakasaad dito na gagamitin ang pera sa edukasyon at kalusugan ng mga bata.</p> 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ang perang natanggap sa pamahalaan sa pag-aaral at pagpapagamot. • Bilang mag-aaral, kailangang mag-aral nang mabuti • Pagpunta sa mga <i>health centers</i> upang masubaybayan ang kalusugan.
<p><i>Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)</i> – nagbibigay ng pagsasanay sa iba’t ibang kasanayan nang sa gayon ay maaaring makipagsabayan ang mga kabataan sa paghahanap ng trabaho o makapagsimula ng sariling negosyo para sa magandang kinabukasan.</p> 	<ul style="list-style-type: none"> • Ipaalam sa iba ang programang ito upang marami ang makinabang dito. • Pagbutihin ang pag-aaral dito.
<p><i>Abot Alam Program</i> – layunin ng programang ito na mabigyang ng pagkakataon ang mga kabataang Pilipino na makapag-aral at matulongang maging handa sa pagtatrabaho.</p> 	<ul style="list-style-type: none"> • Makipagtulungan sa mga gawain na nagsasaliksik ukol dito. • Ipaalam sa mga kakilala ang programang ito upang makatulong sa kanila.

Waste Segregation Project – layunin ng proyektong ito na mabawasan ang nalilikhang basura at makapagbigay ng ligtas, maayos, at *environment-friendly* na paraan ng pagtatapon ng basura. Nakapaloob dito ang 3Rs o *reduce, reuse, recycle*.



http://www.sparklebox.co.uk/previews/7501-7525/sb7513-reduce-reuse-recycle-classroom-banner.html#.VH8wgjHF_ul

- Dumalo sa pagpupulong ukol sa *waste segregation*.
- Gawin ang natutunan sa paaralan at sa mga pagpupulong ukol dito.
- Ikampanya ang programang ito sa tahanan, sa mga kaibigan, at sa pamayanan.

K-12 Basic Education Program – naglalayong ihanda ang mga bata sa pagtatrabaho. Nakapaloob din dito ang *Universal Kindergarten* na naglalayong makatulong sa mga magulang sa pamamagitan ng pampublikong *kindergarten*.



<http://www.slideshare.net/marcomed/ano-ang-layunin-ng-deped-k-to-12-program>

- Maaaring maghikayat ng mga kapitbahay na hindi nag-aaral na pumasok sa paaralan.
- Mag-aral nang mabuti.



GAWIN MO

Gawain A

Lagyan ng tsek (✓) ang bilang na nagsasaad ng pakikilahok sa mga programa o proyekto at ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa notbuk.

1. Pag-aaral nang mabuti
2. Paggawa ng *poster* laban sa pagputol ng mga punongkahoy
3. Pagtatapon ng basura sa mga kanal
4. Pagkain ng wastong pagkain
5. Pagbili ng mga mamahaling *gadget*

Gawain B

Sabihin ang mga paraan ng pakikilahok na maaari mong gawin sa sumusunod na mga programa ng pamahalaan:

1. National Disaster Risk Reduction and Management Council
2. Pantawid Pamilyang Pilipino Program
3. Abot Alam Program
4. Waste Segregation Project
5. National Greening Program



TANDAAN MO

- May mga programa at proyekto ang pamahalaan na nagtataguyod ng mga karapatan ng mga mamamayan.
- Tungkulin ng mamamayang Pilipino na makilahok sa mga programa at proyekto ng pamahalaan upang makamit ang nilalayon nito at makatulong sa pag-unlad ng sarili at pamayanan.



NATUTUHAN KO

Basahin ang bawat sitwasyon at piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Si Aling Maria ay nakatatanggap ng pera bawat buwan mula sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program. Ano ang dapat gawin ni Aling Maria sa natatanggap niyang pera?
 - A. Ipambayad ito sa koryente at tubig.
 - B. Ibili ito ng mga kagamitan sa bahay.
 - C. Ibili ito ng mga *gadget* gaya ng *cellphone* at *ipod*.
 - D. Gamitin ito sa pagpapaaral at pagpapagamot ng mga anak.
2. Maraming batang hindi nag-aaral ng kinder sa lugar nina Annie. Nabanggit ng kaniyang guro ang tungkol sa *K-12 Program*. Ano ang maaari niyang maitulong sa mga batang ito?
 - A. Sitahin ang mga magulang ng mga batang ito.
 - B. Huwag na lang kumibo dahil hindi mo naman ito problema.
 - C. Sabihan ang guro na puntahan ang mga bata sa kanilang lugar na hindi nag-aaral.
 - D. Ipagbigay-alam sa barangay ang tungkol dito upang maipaalam sa karamihan.
3. May programang *Eco-Savers* sa paaralan nina Julio kung saan hinihikayat ang mga mag-aaral na magdala ng mga basurang maaari pang pakinabangan kapalit ang puntos nito sa *passbook*. Araw-araw nakikita niyang itinatapon lamang ang mga ito ng kaniyang nanay sa basurahan. Ano ang dapat niyang gawin?
 - A. Hindi dadalhin ang mga basura dahil mabigat ito.
 - B. Dalhin sa paaralan ang mga basurang napapakinabangan pa.
 - C. Magdadala ng kaunting basura upang mapagbigyan ang guro.
 - D. Hindi magdadala ng basura dahil mas kikita kung sa iba ito ipagbibili.

4. Nagkaroon ng programang *Remedial Reading* sa inyong paaralan. Inanyayahan ka ng iyong guro na makilahok sa pagtuturo sa mga kamag-aaral mong mahinang bumasa. Ano ang iyong gagawin?
 - A. Magtuturo ako pero sandali lang.
 - B. Hindi ako sasali dahil hindi naman ako guro.
 - C. Sasabihin ko sa aking guro na ibang bata na lamang ang kaniyang kunin.
 - D. Masayang tatanggapin ang imbitasyon dahil makatutulong ako sa aking mga kamag-aaral.
5. Nagbigay ng pagpupulong ang inyong barangay ukol sa mga dapat gawin sa oras ng pagbaha o sakuna dahil isa ang inyong lugar sa mga binabaha tuwing malakas ang ulan. Nagbabala ang PAGASA na magkakaroon ng bagyo sa susunod na araw. Ano ang dapat mong gawin?
 - A. Susundin ko ang bilin ng aking tatay.
 - B. Gagawa ako ng sarili kong diskarte dahil mas alam ko ang lugar namin.
 - C. Susundin ko ang mga ibinilin sa amin ng mga tauhan ng barangay.
 - D. Susundin ko ang mga ibinilin sa amin ngunit hindi ako lilikas hanggang hindi pa mataas ang tubig.
6. Naglunsad ang inyong barangay ng lokal na programang *Greening Program*. Hinihikayat ang bawat pamilya sa inyong barangay na magkaroon ng isang narseri sa bakuran. Ano ang inyong gagawin?
 - A. Masayang makilahok sa programa.
 - B. Magsawalang-kibo upang hindi mapansin.
 - C. Sabihin sa barangay na hindi kayo marunong magtanim.
 - D. Magpalista sa barangay ngunit hindi gagawa ng narseri.
7. Mahilig kang gumawa ng komiks at pangarap mong maging *animator* balang araw. Anong programa ng pamahalaan ang makatutulong sa iyo?
 - A. Abot Alam Program
 - B. National Greening Program
 - C. K-12 Basic Education Program
 - D. Technical Education and Skills Development Authority

8. Si Susan ay nag-aaral sa isang pampublikong paaralan. Libre ang kaniyang pag-aaral dito. Ano ang dapat niyang gawin?
- A. Mag-aral nang mabuti hanggang makapagtapos.
 - B. Maaari siyang hindi pumasok araw-araw dahil libre naman ito.
 - C. Humingi ng malaking halaga ng baon sa magulang dahil libre naman ang pag-aaral.
 - D. Masiyahan na sa mababang marka basta't makapasa dahil siya naman ay nasa pampublikong paaralan.
9. Ang iyong pamilya ay kabilang sa nakakukuha ng benepisyo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program. Napansin mo na kapag natatanggap ito ng iyong nanay ay ipinambibili niya ito ng meryenda sa *fastfood*. Ano ang dapat mong gawin?
- A. Isusumbong ko ang aking nanay sa DSWD.
 - B. Pagagalitan ko ang aking nanay sa kaniyang ginagawa.
 - C. Sasang-ayunan ko ang aking nanay dahil bihira kaming makakain sa isang *fastfood*.
 - D. Paaalalahanan ko ang aking nanay kung saan dapat gastusin ang pera mula sa pamahalaan.
10. May pagsasanay sa inyong paaralan para sa mga nais tumulong sa *feeding program* ng barangay. Nanaisin mo bang lumahok at tumulong?
- A. Pag-iisipan ko muna.
 - B. Hindi, dahil nakakapagod ito.
 - C. Susubukin kong tumulong.
 - D. Tutulong na lamang ako kapag oras na ng *feeding program*.

Talahuluganan

A

ahensiya – sangay ng pribado at pampublikong tanggapan/opisina.

altitud – kataasan ng isang lugar.

arkipelago – tumutukoy sa pangkat ng mga pulo, tinatawag din itong kapuluan.

B

batid – alam.

bukal – anyong tubig na nagmumula sa ilalim ng lupa.

bulkan – mataas na bahaging lupa na may bunganga sa tuktok.

bundok – mataas na bahagi ng anyong lupa; pinakamataas na anyong lupa.

burol – mataas na lupa na mas mababa sa bundok; pabilog ang itaas nito.

C

climate change – hindi pangkaraniwang pangyayari sa kalikasan na maaaring makapagpabago sa komposisyon ng atmospera.

curfew – uri ng ordinansa na naglilimita ng oras ng pamamalagi sa labas ng lansangan.

D

dagat – bahagi ng karagatan.

dayuhan – banyaga/mga bagong dating sa lugar o bayan; tawag sa mga tao na hindi Pilipino o may ibang nasyonalidad.

delegasyon – pangkat ng mga delegado upang katawanin ang isang pangkat (na pampulitika o panlipunan) sa isang kalipunan o pagtitipon.

demographic map – mapang pampopulasyon.

Department of Environment and Natural Resources – isang ahensiya o departamento ng pamahalaan na nangangasiwa at nag-aalaga sa kapakanan ng kalikasan at mga likas yaman ng bansa.

di-materyal na kultura – ang mga kaugalian, tradisyon, panitikan, musika, sayaw, paniniwala at relihiyon, pamahalaan at hanapbuhay ay sumasaklaw sa di-materyal na kultura. Ang mga ito ay nagpasalin-salin sa iba't ibang panahon.

diskriminasyon – pagtatangi, di parehong pakikitungo.

dual citizenship – ang mga dating mamamayang Pilipino na naging mamamayan ng ibang bansa sa pamamagitan ng naturalisasyon ay muling naging mamamayang Pilipino.

E

ehekutibo – tagapagpaganap, tagapangasiwa.

eksplorasyon – pagsisiyasat sa mga pook o lugar na hindi pa alam, pagsasaliksik, pagtuklas.

epekto – naging bunga at sanhi ng mga pangyayari.

estero – bahagi ng bunganga ng ilog na tagpuan ng agos at dagat, kanal.

expatriation – Itinakwil ang kaniyang pagkamamamayan at nag-angkin ng pagkamamamayan ng ibang bansa.

G

global warming – lubhang pag-init ng atmospera dulot ng mga makabagong makinarya na ginagamit sa mga pabrika na nagbubuga ng mga usok na nagiging dahilan ng pagkasira ng *ozone layer*.

golpo – bahagi ng karagatan na karaniwang nasa bukana ng dagat.

H

hanging amihan – malamig na hanging buhat sa hilagang-silangan.

hanging habagat – hanging mainit buhat sa timog-kanluran.

hanging monsoon – paiba-ibang direksiyon ng ihip ng hangin batay sa kung saang lokasyon mas mainit o malamig.

hazard map – mapang nagpapakita ng mga lugar na may panganib sa kalamidad tulad ng lindol, bagyo, baha, *tsunami*, pagguho ng lupa.

I

illegal logging – bawal at walang habas na pagputol ng mga puno

ilog – mahaba at paliko-likong anyong tubig na tumutuloy sa dagat.

impluwensiya – pagtulad o paggaya sa mga bagay o gawi ng mga dayuhan.

industriyalisasyon – pagbabago at pag-unlad ng lugar at kapaligiran.

informal settler – sinumang naninirahan sa isang bahay o pook nang walang pahintulot o hindi niya dapat tirhan.

irigasyon – pagpapalabas ng tubig sa mga lupaing taniman sa pamamagitan ng mga ginawang kanal o patubig.

J

Jus sanguinis – pagkamamamayan na naaayon sa dugo o pagkamamamayan ng kaniyang mga magulang o isa man sa kanila.

Jus soli – pagkamamamayan na naaayon sa lugar ng kaniyang kapanganakan anuman ang pagkamamamayan ng kaniyang mga magulang.

K

kakayahan – taglay na abilidad o kagalingan sa pamumuno.

kalakal – bagay na ibinibenta, ipinapalit, at iniluluwas sa loob at labas ng bansa.

kalamidad – kapahamakan.

kapaligiran – kabuuan ng mga kondisyon na pumapaligid at nakaiimpluwensiya sa isang organismo (Agno).

apatagan – malawak at patag na lupang sakahan; malawak na lupain na patag at mababa.

kapayapaan – pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan ng bansa.

karagatan – pinakamalalim, pinakamalawak, at pinakamalaki sa lahat ng anyong tubig.

karapatan – anumang bagay o mga paglilingkod na tinatamasa dapat tamasahin ng isang tao na naaayon sa batas; mga kapakinabangan o pribilehiyo na tinatamasa ng bawat kasapi.

karapatan ng nasasakdal – Ito ang mga karapatang nangangalaga sa nasasakdal sa anumang kasalanan upang mabigyan ang mga ito ng makatarungang paglilitis.

karapatang politikal – Ito ay mga karapatang nauukol sa ugnayan ng mamamayan sa pamahalaan.

karapatang panlipunan at pangkabuhayan – Ito ay mga karapatang nakatutulong sa pangangalaga ng kapakanan at kabuhayan ng mga mamamayan.

karapatang sibil – mga karapatang nauukol sa pagtamasa ng mga mamamayan ng kapayapaan at kaligayahan sa buhay.

kipot – makipot na anyong tubig na nagdurugtong sa dalawang malaking anyong tubig.

komentaryo – paglalahad ng kuro-kuro, puna, o opinyon.

kooperatiba – samahang pangkalakal na itinatag ng lima o higit pang kasapi na ginagamitan ng puhunan ng bawat kasapi at nagbabalik ng tubo sa puhunan o pinamili.

kultura – paraan ng pamumuhay ng isang pangkat ng mga tao sa isang lugar; nagbibigay ng pagkakakilanlan ng isang mamamayan.

L

lambak – patag na lupa sa pagitan ng mga bundok.

lawa – anyong tubig na halos napapaligiran ng lupa.

libelo – paninirang-puri.

likas kayang pag-unlad – pagtungo sa pangangailangan at aspirasyon ng mga tao nang hindi kinukompormiso ang abilidad ng susunod na henerasyon na makamit ang kanilang pangangailangan.

likas na karapatan – karapatang ipinagkaloob ng Diyos sa tao upang makapamuhay nang matiwasay at maligaya.

likas na yaman – mga pananim, hayop, halaman, at iba pang pinagkukunang yaman na makikita sa mga anyong-lupa at anyong-tubig.

lipunan – binubuo ng iba't ibang kasapi.

liriko – pagpapahayag ng damdamin at emosyon.

lisensiya – kapahintulutan o laya sa paggawa ng anuman na nakukuha sa mga awtoridad upang maisagawa ang isang negosyo, propesyon, o iba pang gawain.

look – bahagi ng dagat na nakapasok sa baybayin nito.

M

magsasaka – isang taong nagsasaka sa bukid o bahagi ng anyong lupa.

makabuluhan – may saysay.

mangingisda – isang taong nangingisda sa mga bahagi ng anyong tubig.

mapagkawanggawa – matulungin sa kapuwa/walang pinipiling tutulungan.

maritime – insular; tumutukoy sa mga katubigang nakapaligid sa isang bansa.

masusi – matagal na pinag-iisipan ang mga plano o mga gagawin.

materyal na kultura – kinabibilangan ng mga bagay na pisikal o nakikita tulad ng pagkain, kauotan, tirahan, alahas, gusali, at mga kasangkapan.

medical mission – pangkat ng mga doktor, nars at iba pang *volunteer* na sama-samang naglunsad ng tulong medikal lalo sa mahihirap na mamamayan.

minimithi – pinapangarap na maabot at mapagtagumpayan.

modernisasyon – pagkamakabago.

mouse deer – pilandok.

mungkahi – isang pag-aanyaya sa taong gusto mong magkaroon ng isang mabuti at tamang gawain.

N

nasasakdal – inirereklamo.

natatangi – naiiba, nabubukod, o pambihira.

naturalisadong mamamayan – mga dayuhan na naging mamamayang Pilipino dahil sa proseso ng naturalisasyon.

naturalisasyon – ay isang legal na paraan kung saan ang isang dayuhan na nais maging mamamayan ng isang bansa ay sasailalim sa isang proseso sa korte o hukuman.

negosyante – nagbebenta ng iba-ibang produkto o serbisyo.

P

Pacific Ring of Fire – lugar o bahagi ng Karagatang Pasipiko kung saan nakalatag ang mga aktibong bulkan; kilala rin sa tawag na *Circum-Pacific Belt*.

pag-aangkat – pagbili ng produkto mula sa ibang bansa.

Philippine Atmospheric, Geophysical, Astronomical and Scientific Administration (PAGASA) – ahensiya ng pamahalaan na nangangasiwa sa mga paparating na bagyo at iba pang kondisyon o kalagayan ng panahon.

pagbaha at pagguho ng lupa – epekto ng pagpuputol ng mga malalaking punongkahoy lalo sa kabundukan.

pagkakaingin – paglilinis o paghahawan ng bahagi ng gubat o bundok sa pamamagitan ng pagsunog.

pagkakakilanlan – isang proseso ng pagyari at pagbibigay-kahulugan na nagmumula sa kagustuhang mapaiba.

pagkamamamayan – pagiging kasapi o miyembro ng isang bansa ayon sa itinatakda ng batas.

pagpupuslit – lihim na pagpapasok o paglabas ng mga produkto sa bansa.

pagsulong – pag-unlad.

pamanang pook – mga antigong estruktura at kagamitan.

pananagutan – dapat gawin ng isang sektor o tao para sa kaniyang sarili at para sa kaniyang bayan.

pandaka pygmaea – tabios; isa sa pinakamaliit na isda sa buong mundo.

pangkat etniko – grupo ng mga tao na may iisa at sariling kultura na tatak ng kanilang pagkakakilanlan.

payapa – tahimik.

Philippine eagle – agila na kulay tsokolate at abo; matatagpuan sa Pilipinas.

PHIVOLCS – ahensya ng pamahalaan na namamahala sa mga pagkilos ng mga bulkan sa bansa.

pigeon luzon heart – kalapating may kulay pulang hugis puso sa may dibdib nito.

polusyon – pagdumi ng hangin, tubig, o kapaligiran dahil sa maling paggamit o pag-aabuso ng mga likas na yaman.

populasyon – tumutukoy sa bilang ng mga taong naninirahan sa isang tiyak na lugar.

produkto – bagay na ipinoprodyus o nililikha ng kalikasan, industriya o sining (Agno).

R

recycle – muling paggamit ng mga luma o patapong bagay upang mapakinabangan pa.

reduce – pagbabawas ng mga basura sa paligid.

rehabilitasyon – pagbabagong-tatag, pagbabagong-buhay.

responsibilidad – tungkuling nakaatang sa isang tao o pangkat.

reuse – muling paggamit o pagkumpuni sa mga patapong bagay na maaari pang pakinabangan.

S

sagisag – nagbibigay ng kahulugan sa mga natatanging mga pananda; simbolo.

Saluag Island – pinakadulong pulo sa gawing timog ng bansa.

sanitasyon – kalinisan, kalusugan.

sariling produkto – mga bagay o kalakal na gawa sa sariling bansa.

seguridad – proteksiyon.

simbolo – panandang nakikita sa pamamagitan ng paglalarawan.

storm surge – hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan dulot ng malakas na hanging dala ng bagyo.

T

talampas – patag na lupa sa ibabaw o itaas ng bundok.

talon – tubig na umaagos mula sa mataas na lugar.

tarsier – mamag; matatagpuan sa Bohol.

teknikal – may kinalaman sa tama o tiyak na bahagi ng anumang sining o siyensiya.

temperatura – nararanasang init o lamig sa isang lugar.

tradisyon – kaugalian na naipapasa sa salit-saling lahi.

tsanel – anyong tubig na nagdurugtong sa dalawang malaking katawan ng tubig.

tsunami – di pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat sa normal nitong lebel bunga ng paglindol.

tungkulin – mga gawain o mga bagay na dapat isagawa ng isang tao o mamamayan.

Y

Y'ami Island – pinakadulong pulo sa gawing hilaga ng bansa.